# *MGA PANGYAYARI NA GINAWANG MALINAW SA PAMAMAGITAN NG PROPESIYA*

Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa panalangin. Panginoon naming Diyos, dakilang Maylalang ng Kalangitan at lupa, na Siyang nagbangon muli kay Jesus mula sa patay, at buhay kasama namin sa dalawang libong taon na ito, kailanman nabubuhay para pagtibayin ang Kanyang Salita at gawin Itong totoo sa bawat henerasyon. Lubos-lubos ang aming pasasalamat para sa Kanyang Makalangit na Presensya sa oras na ito mismo, yamang nababatid ito, na kamit namin ang dakilang kasiguraduhan na ito, na pagkatapos ng buhay na ito, ay may Buhay kami na Walang Hanggan sa daigdig na parating. Salamat sa Iyo, para rito, Panginoon. At ang pag-asa na 'yun, na isang angkla sa kaluluwa, na matatag at matibay sa panahon ng bagyo. At sa pagdating ng mga bagyo, ang malalaking alon na 'yun na dumadaluyong, nararamdaman namin na sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya ay mapapangibabawan namin ang bawat alon.

2 Diyos, Iyo pong tulungan kami sa gabing ito habang kami'y dumudulog para magministeryo sa mga maysakit at mga nangangailangan. Dalangin namin, Diyos, na wala ni isa mang maysakit sa kalagitnaan namin sa pag-uwi namin sa gabing ito. Nawa'y bawat isa'y gumaling sa pamamagitan ng Iyong Makalangit na Kapangyarihan, kapwa rito at sa buong bansa, na nakakonekta, nawa'y wala ni isa ang nanghihina na lalabas ng alinmang gusali o alinmang pagtitipon sa gabing ito. Nawa'y pagalingin sila ng Iyong Espiritu. Iyong ibunsod ang dakilang Araw ng katuwiran, na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak, na sumikat, paabutin ang mga sinag ng pananampalataya sa bawat puso sa pakikinig nila sa Salita, na makita ang mga kahayagan ng Espiritu Santo na hihimok sa kanila na Siya'y buhay pa rin sa tuwina. Idinadalangin po namin ang mga pagpapala na ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

3 Talagang itinuturing natin na malaking pribilehiyo ang makaparito sa gabing ito, muli, para—para makapangusap sa mga tao at makapanalangin para sa mga maysakit. Nais nating batiin ang lahat ng mga nasa buong ibayo ng—ng koneksyon sa telepono sa buong bansa, muli sa gabing ito. At kaya

idinadalangin natin sa Diyos na pagpalain ang bawat isa sa inyo, umaasa na ang lahat ng tumanggap kay Cristo kaninang umaga ay mapuspos ng Espiritu Santo at mamumuhay kailanman nang tapat at totoo sa Kanya hanggang sa matapos ang buhay na ito rito sa lupa, itong mortal na buhay. At pagkatapos sila, sa paggawa nun, sila'y may Buhay na Walang Hanggan. Hindi na sila kailanman mamamatay sa kapanahunan na parating, sa dakilang Kapanahunan na inaasam nating lahat.

4 Ngayon sasabihin lang natin ang mga ito, habang nasa isip ko pa, hindi para sumingit. Nandito si Kapatid na Vayle, at baka hindi ko na siya makikita uli. Aking . . . Puwede ko bang ipadala 'yung manuskrito sa iyo sa pagbalik ko sa Tucson? Tinitingnan-tingnan ko pa 'yun, hindi ko pa nababasa lahat, at ipapadala ko pabalik sa iyo sa pagbalik na pagbalik ko sa Tucson.

5 Ngayon hinihintay ko lang na ianunsyo 'yung pabatid. Ito po'y para mismo sa mga kaiglesyahan sa lahat ng dako, lalong-lalo na sa Kanluran, o saanmang dako na nais magpunta. Ang katangi-tangi nating kapatid, na si Kapatid na Pearry Green, kasama ang . . . Yung lalaki na nagmungkahi nitong koneksyon ng teleponong ito rito. Sadya ngang inilalagay ng Panginoon sa kanyang puso na pumarito't bisitahin tayo sa Tucson, at magpasimula ng isang rebaybal sa Tucson, na kailangang-kailangan natin. At si Kapatid na Pearry ay magpupunta ng Tucson. Kung nais n'yo siyang kontakin, magpunta lang kayo sa opisina namin doon. Ito'y gaganapin sa Agosto ika-10, ika-11, ika-12, at ika-13. Nailagay nga ito sa kanyang puso nang matagal nang panahon, at sinabi ko sa kanya na "isang paraan lang para maibsan 'yan sa iyong puso, haya't gawin mo lang." At siya'y isang Cristianong kapatid, isang tunay na lingkod ng Diyos. At kayo, na mga taga-Tucson, alam ko na mapagpapala kayo sa kanyang pagmiministeryo roon sa kung saan, marahil gaganapin sa Ramada Inn o saanmang dako na ipagkaloob ng Panginoon, siya nga'y wala pang pagdadausan dito. Pero alam ko na kayo'y mapagpapala sa pagdalo, sa pakikinig kay Kapatid na Green sa pagpapaliwanag niya sa atin ng Salita ng Diyos, marahil mananalangin para sa mga maysakit, o anumang ilatag nito sa tungkulin ng pagpapahid ng Diyos na gawin.

6 Nais din nating pasalamatan si Kapatid na Orman Neville, si Kapatid na Mann, para sa kaaya-ayang panahon na ito ng pakikipagbuklod kasama nila. Ganoon na lamang ang lubos na pasasalamat ko, na magkaroon ng kaugnayan sa isang ginoo na gaya nina Kapatid na Neville, Kapatid na Mann, at lahat ng iba pang mga ministro sa palibot dito. Sa palagay ko sila'y kinilala na. Kung hindi pa, ng ating lupon at ng ating iglesya rito, naniniwala ako na kikilalanin kayo rito ng Diyos bilang Kanyang mga lingkod. Nawa'y pagpalain kayo kailanman ng Panginoon.

7 Ngayon, may tanong sa akin dito na munting bagay, sa

isang munting papel na ibinigay sa akin, na . . . Nagkaroon sila ng pagtitipon ng mga tagapangasiwa noong isang gabi rito, sa lupon ng mga tagapangasiwa't mga diyakono, at sa palagay ko binasa na kaninang umaga sa harap ng iglesya 'yung katitikan ng pulong. Na, 'yan ang kinagawian nating gawin. Doon sa mga pasya na napagkasunduan ng lupon ng mga tagapangasiwa't mga diyakono rito sa iglesya, mangyari nga, na hindi nito malulugod ang bawat isa. Hindi natin kayang gawin 'yun. Wala po ako ni isang bagay na kinalaman sa lupon ng mga tagapangasiwa o lupon ng mga diyakono. Wala nga ako maski isang boto maliban na lang kung may tabla, at kinakailangan kong pumunta rito para gawin 'yun, haya't si Kapatid na Orman Neville ang pangalawang boto. Pagkatapos kinakailangan naming pirmahan ang mga ito, dahil bahagi kami ng iglesya. Pero 'yung pasya ng lupon ng mga tagapangasiwa at desisyon nila na lupon, tayo nga'y tunay na tumitindig sa likuran nila nang sandaang porsiyento, dahil 'yan ang dahilan kung bakit sila nandito. At ang pasya nila'y sa pagitan nila't ng Diyos. Hindi ko maaari, haya't di maaari at di ko gagawin, sa anumang paraan, na kokontra sa pasya na 'yun. At isa pang bagay, ako'y pinagbabawalan ng Gobyerno ng Estados Unidos na gumawa ng anumang pasya na may kinalaman diyan, kaya maaari lamang na huwag n'yong hilingin sa akin na itama ang kanilang mga pasya. Hindi ko maaaring gawin 'yun, at hindi ko po pakikinggan ang anuman tungkol dito. Kita n'yo? Kaya huwag n'yong hilingin sa akin na itama ang mga pasya nila. Kita n'yo ang lupon, sila ang gumagawa ng mga pagpapasya. Hayan nga.

8 Ngayon mangyari nga sa paparating na pagtitipon, posible nga, kung loobin ng Panginoon, ako po'y babalik dito matapos ang mga apat o anim na linggo, o parang ganoon po, marahil para sa isa uling pagtitipon ng Linggo. At inanunsyo ko kaninang umaga na nais kong mangusap tungkol sa *Nahayag Ang Diyos Sa Kanyang Salita*, at ako nga'y wala lang sapat na oras ngayong gabi, at, sa totoo lang, ako po'y walang boses halos para gawin ito. At hayan din ang mga dumalo, halos 'yung dami ng naroon sa labas ay kasing dami ng mga nasa loob, at, baka mas marami pa nga, kapag binilang n'yo 'yung mga bus at mga truck at mga bagay-bagay na nakaparada roon sa labas kasama ng mga tao. Binuksan po, itong munting pagsasahimpapawid natin ay bumuti nang kaunti, mapapakinggan na natin ito. Itong munting wave, short wave mula sa tabernakulo, maaari na nating masagap ito nang isang bloke ng siyudad ang layo. At ang ilan sa mga kotse'y mga ilang bloke ng siyudad ang layo, 'yung mga pila ng kotse, mula rito hanggang doon, at sa palibot at sa mga kalye, sa palibot ng tabernakulo ngayong gabi. Sa palagay ko nga wala pang ganito maski noon, na kitang-kita mismo, na siksikan ang mga tao dito sa loob ng simbahan at may mga nasa palibot pa ng simbahan kaysa sa mayroon

tayo sa gabing ito. Kaya tayo nga'y. . . At marami't, marami't, marami ang nagmamaneho pa lang papunta rito at malayo ang minamaneho.

9 Kaya ipinapakita lamang n'yan, "Kung nasaan ang Bagong Katay, ang mga agila'y nagkakatipon-tipon." At siguro'y sasabihin ko sa inyo ngayong gabi, na itong munting grupo ng mga tao rito, ito po'y isang pandaigdigang pagtitipon. Kung tutuusin halos dalawang-katlo ng mga estado sa unidos ang kinakatawan dito, maliban sa lima pang banyagang bansa, na may Rusya pa nga, at sa lahat na iba't ibang bahagi ng bansa. Mayroong Venezuela, may Jamaica, sa lahat na iba't ibang bahagi ng bansa mismo, nandito ang mga tao, na nagugutom at nauuhaw para sa Diyos. Grabeng maluwalhating panahon!

10 Ngayon nais ko, bago basahin ang Biblia, at ako po'y maaari n'yo bang ipanalangin ngayon. Akin—akin pong sisikapin na maghatid ng isang munting Mensahe, loobin ng Panginoon, tungkol sa paglalaan ukol sa Makalangit na pagpapagaling. Dahil, kaninang umaga'y napag-usapan na natin ang tungkol sa kaligtasan. At ngayong gabi tayo'y mangungusap nang kaunting minuto tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, at pagkatapos tatawag tayo ng pila para sa pananalangin at mananalangin para sa mga tao. Habang ginagawa natin ito, diyan sa mga nakakonekta, saanman kayo naroon, kayo man ay nasa mga bus o sa mga kotse, na isang bloke o dalawa ang layo sa tabernakulo; kapag dumating na ang oras para manalangin para sa mga maysakit, haya't di man kayo makapasok sa loob ng gusali . . . Na, sa palagay ko ay di n'yo nga magagawa, sigurado mismo ako, dahil ang mga daan sa pintuan sa lahat ng dako'y siksikan na mismo, kanina pa, at wala na ngang espasyo kahit saan, mangyari nga na kayo'y manalangin at magpatungan ng mga kamay sa isa't isa riyan. At ibunsod n'yo ang bawat ministro na kasama n'yo riyan sa telepono ngayong gabi, na ipanalangin din ang kanyang kongregasyon habang patuloy ang mga gawain ng pagpapagaling. Naniniwala tayo na ang Diyos ay nasa lahat ng dako, saanman. Ngayon bago natin basahin o . . .

11 Bago tayo—tayo manalangin, nais nating bumasa ng ilang Salita ng Diyos. At pinalitan ko ang aking—aking Mga Kasulatan kani-kanina, dahil nais kong palitan 'yung uri ng pagtitipon na nasa isip ko para sa gabing ito, kaya pinalitan ko ito nang kaunti; at kaya kinailangan kong palitan 'yung Mga Kasulatan ko, haya't hindi mismo ibahin, kundi ilagay lang ang mga ito sa ibang pagkakasunod-sunod, ukol sa Makalangit na pagpapagaling, para—para maunawaan ng mga tao.

Tayo po'y bumuklat sa San Lucas, sa ika-24 na kabanata. At sisimulan natin sa ika-12 talata ng ika-24 na kabanata, at babasahin pababa hanggang sa bandang 34. Ito'y tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus.

*Datapuwa't* si Pedro, *nagtindig si Pedro, at tumakbo* sa *libingan; at nang siya'y tumungo pagtingin niya sa loob,* at *nakita niya ang mga kayong lino . . . nanggigilalas sa nangyaring yaon.*

*At, narito, dalawa sa kanila ay naparoroon* nang *araw ding yaon sa isang nayong ngala'y Emaus, na may anim na pung estadio ang layo sa Jerusalem.*

Ngayon, katumbas nga ng sampung estadio ang—ang isang milya, kaya mga anim na milya ito.

*At* habang *kanilang pinaguusapan . . . ang lahat ng mga bagay na nangyari.*

*. . . nangyari, na, samantalang sila'y naguusap at nagtatanongan, na si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila.*

*Datapuwa't sa mga mata nila'y may nakatatakip upang siya'y huwag nilang makilala.*

*At sinabi niya sa kanila, Ano ang mga salitaan ninyong ito sa isa't isa, sa inyong paglalakad, na nangalulumbay ang mga mukha?*

*At isa sa kanila, na nagngangalang Cleopas,* ay sumagot na sinasabi *sa kaniya, Ikaw baga'y nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at* yamang *hindi* mo *nalalaman* ang *mga bagay na nangyari . . . nang mga araw na ito?*

*At sinabi niya sa kanila, Anong mga bagay?*

Ngayon alalahanin n'yo, si Jesus Mismo ito, na nagbangon, na nakikipag-usap.

*At sinabi nila sa kaniya, Ang mga bagay tungkol kay Jesus na Nazareno, na isang propetang makapangyarihan sa gawa at* sa *salita sa harap ng Dios at ng buong bayan:*

*. . . kung paano ang pagkabigay sa kaniya ng mga pangulong saserdote at ng mga pinuno upang hatulan* sa *. . . upang—upang hatulan sa kamatayan, at siya'y ipako sa krus.*

*Datapuwa't hinihintay naming* siya *ang tutubos sa Israel: at* bukod *sa lahat ng mga ito, ay ngayon ang ikatlong araw buhat nang mangyari ang mga bagay na ito.*

*Oo, at iba pa sa mga babaing kasamahan namin ay nakapagtaka sa amin, na nagsiparoong maaga sa libingan;*

*At nang hindi mangasumpungan ang kaniyang bangkay, ay nangagbalik sila, na nangagsabing, sila*

*nama'y nakakita ng isang pangitain ng mga anghel, na nangagsabing . . . siya'y buhay.*

*At nagsiparoon sa libingan ang ilang kasama namin, at nasumpungan nila alinsunod sa sinabi ng mga babae: datapuwa't siya'y hindi nila nakita.*

Pakinggan n'yo ngayon; si Jesus.

*At* sinabi niya *sa kanila, Oh mga taong haling, . . . makukupad ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng salita ng mga propeta:*

*Hindi baga kinakailangang si Cristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at* pumasok *sa kaniyang kaluwalhatian?*

*At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang* lahat, *mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.*

*At sila'y malapit na sa nayon,* na *kanilang paroroonan: at naganyo siyang wari may paroroonang lalo pang malayo.*

*At siya'y kanilang pinigil, na sinasabi, Tumuloy ka sa amin: sapagka't gumagabi* na, *at kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila.*

*At nangyari, nang siya'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay, at binasbasan, at* ito'y *pinagputolputol, at* ibinigay *sa kanila.*

*At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; at siya'y nawala sa kanilang* mga paningin.

*At* sila-sila'y n*angagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating* mga puso *sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?*

*At sila'y nagsitindig sa oras ding yaon, at nangagbalik sa Jerusalem, at naratnang nangagkakatipon ang labingisa, at* noong sila'y *kanilang mga kasama,*

*Na nangagsasabi, Tunay na nagbangong muli ang Panginoon, at* haya't *napakita* kay *Simon.*

*At isinaysay nila ang mga bagay na nangyari sa daan, at kung paanong siya'y nakilala* nga *nila* nang *pagputolputulin ang tinapay.*

12 Ngayon manalangin tayo. Minamahal na mapagbiyayang Ama, pinasasalamatan Ka namin para sa Iyong Salita, dahil ang Iyong Salita ay Katotohanan, ang Iyong Salita ay Buhay. At Ikaw, Oh Panginoon, at ang Iyong Salita ay Isa. Kaya idinadalangin namin sa gabing ito, Panginoon, na Ikaw po'y

pumarito sa kalagitnaan namin sa kapangyarihan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli at ipakita sa amin sa gabing ito, gaya nila na mga taga-Emaus, na kami rin ay babalik sa aming mga tahanan, na nagsasabi, "Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-aalab sa kaibuturan natin?" Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, haya't papagabi na namang muli. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

13 Ngayon nais kong mangusap tungkol sa Bibliang ito. At ang aking paksa sa gabing ito, para sa paksa ko, ay: *Mga Pangyayari Na Ginawang Malinaw Sa Pamamagitan Ng Propesiya. Mga Pangyayari Na Ginawang Malinaw Sa Pamamagitan Ng Propesiya.*

14 Ngayon, ang Biblia'y isang ibang Aklat kumpara sa lahat ng ibang sagradong mga aklat. Ang Biblia'y isa mismong naiibang Aklat. Ito'y isang Aklat ng propesiya, na paunang inilalahad ang mga panghinaharap na mga kaganapan. At Ito ri'y ang Kapahayagan ni Jesus Cristo. Mula Genesis hanggang Apocalipsis, haya't pinalilitaw Siya mismo sa Kanyang kapuspusan, kung ano Siya noon at ngayon. At ang buong kumpletong Aklat, Apocalipsis 1:1 hanggang 3, ay sinasabi na ang Aklat ay isang Aklat ng "Ang Kapahayagan ukol kay Jesus Cristo," na Salita ng Diyos. "Ang Kapahayagan ukol kay Jesus Cristo," ang Salita ng Diyos!

15 Ngayon, lahat ng iba pang aklat, sagradong mga aklat, ang mga 'yun ay isang alituntunin ng mga etika, alituntunin ng moralidad, o alitintunin ng teolohiya. Isang bagay na . . . Ilan na ang nakabasa ng Koran, 'yung Biblia ng Mohammedan, at—at 'yung aklat ukol sa mga Buddhist, at iba pa? Ito'y isang alituntunin lamang ng mga etika, kung ano ba ang dapat ipamuhay ng mga tao, kung papaano ba sila dapat mamuhay, pero hindi 'yun nagpropropesiya, hindi nagsasabi ng anuman tungkol sa mga bagay na ito o tungkol sa anumang espesyal na mga kaloob na ibinibigay kung kanino, anumang bagay na magaganap. Kagaya lang ng magpapamiyembro sa isang kapisanan o sa kung ano. Kaya naman, kapag ang mga simbahan ay humahantong sa punto na ginagawa nilang kapisanan na lang ang kanilang simbahan para magpamiyembro, haya't lumalayo nga sila mula sa Salita ng Diyos.

16 Dahil ang Biblia'y isang buhay, na pauna nang nagpahayag na saksi ni Jesus Cristo. At kung papaano na ang mundo'y lumalago sa kapuspusan nito, at maging ang mga halamang-baging ay lumalago rin sa kapuspusan nito, ang araw ay lumalago sa kapuspusan nito, haya't ang Biblia nga'y nahahayag rin sa kapuspusan Nito sa Persona ni Jesus Cristo. Siya ang Salita ng Diyos na nahayag, ang buo't kumpletong Aklat ng Pagtutubos. Ang Biblia'y Salita ng Diyos, na paunang nagsasabi ng mga panghinaharap na kaganapan. Ang mga mananampalataya Nito'y inutusan ng May-Akda Nito na

basahin at sampalatayanan ang bawat Salita Nito, hindi bahagi lang Nito. Isang Salita, na di sasampalatayanan Ito, mas maigi pang itigil mo na ang pagtatangka hanggang sa sampalatayanan mo ang Salita na 'yun. Bawat Salita'y ganap na bahagi ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat; ang Diyos na nahayag, ay nakapalibot sa Kanyang Salita, para ipakita mismo kung Sino Siya. Tayo'y inutusan, bilang mga mananampalataya, na sampalatayanan ang bawat Salita Nito. At Ito'y sinulat ng May-Akda ng Diyos Mismo. Walang sinuman ang maaaring magdagdag ng anumang bagay Rito o mag-alis ng anuman mula Rito. Kung ganoon kasi ang gagawin n'yo, ang kalalabasan nga nito'y abnormal na katawan ng Diyos. Ito kasi'y magkakaroon, marahil ng anim na daliri sa isang kamay, o—o tatlong braso, o kung ano, na dagdag na bahagi, tapos 'yung mag-alis naman mula rito'y haya't kulang ng isang braso, kulang ng isang daliri. Ito'y kumpletong Katawan mismo ni Jesus Cristo. At kay Cristo, sa pagiging Lalaki, ang Nobyo, ang Nobya'y kinakatawan din sa Kanya. At ang dalawang ito'y Isa. "Sa araw na yaon ay mapag-aalaman ninyo na Ako'y nasa Ama, ang Ama ay sumasa Akin, at Ako sa inyo at kayo sa Akin." Isang kumpletong larawan mismo!

17 At ang tunay na mga mananampalataya sa Salitang ito, na tumatanggap Dito sa paraan na 'yun, sinasampalatayanan Yun, at may pagtitiis na maghintay para sa mga iprinopesiyang pangako Nito, na ang bawat isa sa mga ito'y mahayag sa kapanahunan nito. Bawat mananampalataya'y nakaantabay para rito. Bawat mananampalataya na alerto, na nagmamatyag, ay ang pinagpapahayagan nito.

18 Ngayon tingnan n'yo 'yung mga araw ng pagparito noon ng Panginoong Jesus. Bakit di nakilala ng mga tao si Juan, gayong tahasan namang sinabi ng Biblia sa pamamagitan ni Isaias, "Magkakaroon ng tinig ng isa na sumisigaw sa ilang, 'Ihanda ang daan ng Panginoon'"? Yung huling propeta na nagkaroon sila, na Malakias 3, ay sinabi, "Narito, Aking isusugo ang Aking mensahero sa harapan Ko para ihanda ang daan." Bakit di nila 'yun nakita? Dahil nakatingin sila sa isang bagay na napangyari na, ibinabase ang kanilang mga kaisipan sa kung anong mensahe na inihayag bago pa, at nabigong makita ang kasalukuyang kahayagan ng Diyos sa araw na kinabubuhayan nila.

19 At mga Cristiano, sa lahat ng dako, diyan mismo nakatayo ang mundo sa gabing ito. Walang pagsalangsang, na 'yan mismo ang katotohanan! Ang mga Cristiano, sa lahat ng dako, ay nagpupumilit na tumingin pabalik sa kung anong kalipunan ng mga etika na isinulat noon ni G. Luther, o ni G. Wesley, Sankey, Finney, Knox, Calvin; na, wala nga tayong masasabi na anumang kasiraan, pero 'yung mga 'yun ay nasa nakaraan na.

20 Tumingin pabalik ang mga Fariseo para tingnan ang bagay na sinabi ni Moises, at ang sabi nila, "May Moises kami. Hindi namin alam kung saan Ka ba nanggaling."

21 Pero alalahanin n'yo, noong si Moises ay nandito, hindi rin alam ng mga nandun kung saan siya nanggaling. Kita n'yo? At ngayon sila . . . Hindi na nga nakapagtataka na sinabi ni Jesus sa kanila, "Pinalalamutian ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at kayo naman ang naglagay sa kanila roon." Matapos na lumipas ng kanilang Mensahe! Kapag may dumarating na isang Mensahe, titingnan Ito ng mga tao, nililibak nila Ito (ganoon nga ang ginagawa ng sanlibutan). At matapos na tapos na ang mensahero at tapos na ang Mensahe, hayan nga na nagtatayo sila ng isang denominasyon sa ibabaw ng Mensahe na 'yun. At doon nga'y mamamatay sila, doon mismo, hindi na kailanman mapapanauli sa Buhay.

22 Masdan n'yo pansumandali, para sa ilan sa inyo ito, at nangungusap nga ako lalong-lalo na sa inyo na mga Katoliko. Napagtatanto n'yo ba, nabasa n'yo na ba ang aktuwal na kasaysayan, ang kasaysayan ng Romano Katolikong iglesya? Kung papaanong sa talaan n'yo ng mga martir, mula noong si San Augustine ng Hippo, kung gaanong karaming milyon na mga inosenteng tao ang ipinapatay ng simbahan! Nakalimutan ko lang, di ko maalala ang eksaktong bilang, pero abot-abot nga sa milyon, mula noong si San Hippo ng . . . San Augustine ng Hip- . . . ng Hippo, Aprika, ay magdeklara na ganap na kalooban daw ng Diyos na ipapatay ang sinuman na nagproprotesta laban sa Romano Katolikong iglesya. Napagtatanto n'yo ba na doon, na si Saint Patrick ay hindi kailanman kinilala hanggang sa makalipas na patay na siya, bilang isang Romano Katoliko? Kanyang prinotesta ang papa at lahat ng mga ginawa nito, at ang iglesyang Katoliko mismo'y pumatay ng sampung makalibo na mga supling niya. Alam n'yo ba na sinunog ng iglesyang Katoliko si Joan of Arc, 'yung munting binanal na babaing 'yun, sa tulos, dahil sa pagi- . . . ang sabi'y isa raw siyang mangkukulam. Dalawangdaang taon ang lumipas, hinukay nila ang mga katawan ng mga pari, noong malaman nila na mali pala 'yun, at itinapon ang mga katawan na 'yun sa dagat, nang hindi inililibing ang mga 'yun sa sagradong lupa, bilang penitensya.

Huwag n'yong hayaan na dumaan lang ang araw sa ibabaw ng inyong ulo, at maging mangmang.

23 Ganoon na lamang na 'yung mga pari na 'yun noon, sa gabing ito, ay nagnanais na lumantad, na mga kumondena kay Jesus. Ang nangyari kasi'y, hindi nila kailanman nakita ang hula para sa oras na 'yun. Kung sila . . . ang sabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, dahil sa Mga Ito ay nabubulay ninyo," o, ang ibig kong sabihin, "ay napapahayag ninyo na kamit ninyo ang Buhay na Walang Hanggan, at sinasalaysay sa inyo ng Mga Kasulatan kung Sino nga Ako," para sa oras na 'yun.

24 Pansinin n'yo, hindi kailanman maaaring mabigo ang Biblia. Yun nga ang isang bagay na hindi Nito magagawa, ng Salita ng

Diyos, ang mabigo, dahil paunang sinasabi Nito ang mga gawa ng May-Akda Nito bago Niya ito gawin.

25 Ngayon, maaari ngang makatsamba nang isa sa sanlibo ang isang tao na manghuhula na may bagay na mangyayari, at mangyayari ito. Pero kung ipatuturo sa kanya kung *saan* ito mangyayari, mababawasan nga siya't isa sa sampung libo na lang ang tsansa niya. Kung sasabihin niya ang *araw* na mangyayari ito, mababawasan pa lalo't, isa na lang sa mga sanmilyon ang tsansa. Tapos kung *kanino* pa ito mangyayari, bababa lalo't magiging isa sa bilyon-bilyon ang tsansa.

26 Pero sinasabi mismo ng Bibliang ito kung *sino*, *kailan*, *saan*, at *kung ano* ang dapat asahan, at ni minsan ay di ito nabibigo kailanman. Kaya naman, sa isang munting diskusyunan di pa katagalan, sa isang pari ng simbahan ng Sacred Heart dito; ang sabi niya, "G. Branham, sinusubukan mong makipag-argumento gamit ang Biblia." Sabi, "Yan nga'y kasaysayan ng iglesya."

Sabi ko, "Hindi Ito kasaysayan. Ang Diyos Ito, Mismo, na nakalimbag."

Sabi niya, "Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya."

27 Sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. At anumang taliwas Dito, 'yun nga'y kasinungalingan. Dahil sinabi Niya, 'Ibunsod ang Aking Salita na totoo at ang salita ng bawat tao na kasinungalingan.'"

Sabi niya, "Hindi tayo dapat magtalo."

28 Sabi ko, "Hindi ko hiniling na makipagtalo, pero sinasabi mismo ng Biblia, 'Halikayo, tayo'y magpaliwanagan.'"

29 Paunang sinasaysay Nito ang mga gagawin ng May-Akda bago pa Niya ito gawin. Kaya naman, sa pagsasaysay n'yan, hayan inilalalagay n'yan ang bawat lalaki't babae, sa Dako ng Paghatol, na walang mairarason. Kung kukunin n'yo ang sinasabi ng Methodist ukol Dito, ang sinasabi ng Baptist ukol Dito, ang sinasabi ng Katoliko, ang sinasabi ng Pentecostal, o alin pang ibang iglesya, maaari ka ngang makasumpong ng kabiguan sa Paghatol. Pero kung susubaybayan mo ang bagay na sinasabi ng Biblia na mangyayari, at kung kailan ito mangyayari, hayan nga na matatalos mo ang mangyayari.

30 Ngayon, hindi nga ito nasa hayag na hayag na dako na lahat ng tao'y makikita ito, dahil pinasalamatan ni Jesus ang Diyos dahil itinago ito sa mga mata ng matatalino't mga pantas, at ihahayag sa mga sanggol na dito'y matututo sila. Isipin n'yo ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat na nakaupo sa Kanyang Sariling Salita, na may kapangyarihan na bulagin ang mayaman at walang pakundangan at—at edukadong mga iskolar, na bubulagin ang kanilang mga mata para di nila Siya makita, at bubuksan ang mga mata ng mahihirap at mga walang pinag-aralan.

31 Pansinin n'yo ang mga lalaking ito na taga-Emaus, sinabi Niya na ang kanilang—kanilang pang-unawa ukol sa Kanya'y pinigil. Nakipag-usap sila sa Kanya at di nila namamalayan kung Sino ito, nang buong maghapon. Magagawa nga 'yan ng Diyos, dahil Siya'y Diyos.

32 Yan mismo ang ginawa Niya sa mga pari, mga eskriba, dahil nasusulat Ito na Kanyang gagawin 'yun. Binulag ng Diyos ang kanilang mga mata para tayo'y magkaroon ng pagkakataon. Pansinin, hindi sila makakita, kahit na gaanong kaiskolar pa sila, gaanong kasaserdote pa sila, anuman ang gawin-gawin nila, hindi pa rin nila Ito makikita, dahil sila'y binulag. Marahil twenty-twenty ang paningin nila, sa pisikal. Pero ang espirituwal nilang paningin!

33 Parehong bagay nga ito sa sinisikap kong ipangusap kaninang umaga tungkol sa pangangalunya ng kababaihan, sa paraan ng pananamit nila ngayon. Sila'y mga mangangalunya. Sa Aklat ng Diyos sila'y may sala ng pangangalunya sa tuwing nagsusuot sila ng mahahalay na kasuotan. Sa kanilang kaluluwa, haya't di nalalaman ito. Naniniwala ako na sila na mga kababaihan, marami sa kanila, libo-libo sila, na mga inosente, at di kailanman mangangalunya. At ang mga kaawa-awang kababaihan, na haya't hinahayaan lang sila na gawin ang ganoon, nang di man lang ito binubunyag at sinasabi ang katotohanan, ay nakakapangalunya tuloy. Na, ang sabi ng Biblia, "Ang patotot na nakaupo sa ibabaw ng maraming tubig, na ang lahat ng mga hari sa lupa't mga tao sa lupa, ang mga simbahan at iba pa, ay nakikiapid sa espirituwal kasama niya. At siya ANG INA NG MGA PATOTOT," mga denominasyon.

34 Nakaantabay tayo sa Biblia, dahil hindi tayo hahayaan sa dilim ng Diyos. Ipinadala Niya ang Biblia para paunang saysayin sa atin ang mga kaganapan bago mangyari ang mga ito, at maging ang mismong kalikasan at panahon na darating ang mga ito.

35 Ngayon, kagaya nga ito ng parang titingin ka sa isang kalendaryo at titingnan mo kung ano nang petsa. Halimbawa iniisip mo, sabihin na lang natin itong Sabado na ito, Linggo, ano 'yun? Titingin ka sa kalendaryo. Sasabihin sa iyo ng kalendaryo kung anong araw na. Kapag makikita mo ang kilos ng mga tao, marahil ay nagpupunta sa simbahan, na makikita mo ang—ang . . . maririnig ang pagkalembang ng mga kampana, iisipin mo nga kung anong araw na. Titingin ka sa kalendaryo, sasabihin nito sa iyo kung anong araw na.

36 At kapag nakikita n'yo ang iglesya na nagiging makasanlibutan na, gaya noong panahon ng Sodoma, makikita ang daigdig ng iglesya na ganap nang napapadpad sa . . . pagsamba sa "diyos ng masamang kapanahunan na ito," at makikita 'yun; tapos makikita ang munting minoryang grupo

na nagkakatipon sa ilalim ng kasi ng Diyos, na ibinubunga muli ang Buhay ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng Mga Kasulatan na dapat na mangyari, haya't malalaman mo nga ang araw na kinabubuhayan mo.

37 Paunang sinasaysay ng Bibliang ito, sa pamamagitan ng propesiya, kung anong araw ang kinabubuhayan natin, at kung anong oras ang kinabubuhayan natin, at kung anong uri ng mga kaganapan ang dapat na mangyari. Paunang sinasabi Nito nang eksakto hanggang sa pinaka letra, at kailanman ay di nagmintis sa isa mang kapanahunan, sa tuwina. Ni isang beses ay hindi Ito nagmintis, at hindi nga Ito magmimintis, dahil sila na itinalaga na noong una na makakita nito ay makikita't makikita ito. Ang sabi ni Jesus, "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin, maliban na palapitin siya ng Aking Ama, at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit." Ito nga'y ang Salita na umuugnay sa Salita. Hindi Ito gagawa ng anupamang bagay na iba. Alam natin 'yan, ang araw na kinabubuhayan natin.

38 Pero kung papaano nga sa bawat kapanahunan, hinahayaan ng mga tao ang mga kalalakihan na ilagay ang sarili nilang interpretasyon sa Salitang ito, at ibinubunsod sila na maging bulag sa pangyayari na nangyari. Ganoon din ang nangyari sa mga Fariseo at mga Saduceo. Maging noong tumayo si Pablo roon at sinubukang sipiin ang Kasulatan, at may isang lalaki na tinampal siya sa mukha dahil tinawag niya ang punong saserdote na pinaputing pader. At pagkatapos nabigo silang makita ang Diyos na kinukumpirma ang Kanyang iprinopesiyang Salita.

39 Kita n'yo, hindi sasalungatin ng Biblia ang Sarili Nito; ang Biblia ay Diyos. Walang salungatan sa Diyos; Siya'y ganap.

40 Pero ang mga tao, sa sarili nilang mga interpretasyon! Ngayon pansinin, hayaan n'yong ipakita ko sa inyo, mga kaibigan. Ang mga kaiglesyahan nga'y hindi nagkakasundo sa kani-kanilang sarili ukol sa 'terpretasyon Nito. Hindi makasundo ng Methodist ang Baptist, ng Baptist ang Presbyterian, ng Presbyterian ang mga Pentecostal. At sa halos apatnapung iba't ibang organisasyon ng Pentecostal, hindi sila magkasundo-sundo sa isa't isa. Kaya nakita n'yo, 'yan nga'y Babilonia muli, kalituhan.

41 Pero ang Diyos mismo ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag ng Kanyang Salita. Ipinangako Niya ang bagay na ito, at pagkatapos Siya Mismo ang gumagawa nito. Siya ang nagbibigay, Mismo, ng interpretasyon nito, dahil Kanyang ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa oras na 'yun. Ganoon na lamang ang narating na pag-usad ng—ng Katawan ni Cristo, mula sa paa papuntang ulo!

42 Pansinin, hayan nga ang dahilan kung bakit bigo ang mga tao na makuha ito, dahil nakikinig sila sa kung sinong iba na

nagsasabi ng kung ano tungkol Dito, sa halip na basahin ang Salita gaya ng sinabi sa kanila ni Jesus na gawin, "At ang mga Ito'y Siyang nangagpapatotoo sa Akin. Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sa mga Ito'y iniisip ninyo na mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang Siyang nangagpapatotoo sa Akin." Sa madaling salita, pakinggan n'yo, "Ano? Basahin ang Mga Kasulatan at tingnan kung ano mismo ang gagawin ng Mesiyas. Tingnan kung anong panahon darating mismo ang Mesiyas. Tingnan kung sino ang mangunguna bago ang Mesiyas. Tingnan ang oras. Kinakailangan na may tinig ng isa na sumisigaw sa ilang, si Juan. At ginawa n'yo sa kanya ang eksaktong bagay na itinala n'yo. Tingnan n'yo kung ano mismo ang mga bagay na gagawin Ko sa Aking pagdating. At ngayon anong ginawa ninyo? Nabigo ba Ako na tugunan Ito?" Kita n'yo, si Jesus ay nagsasalita, "Nabigo ba Ako na tugunan Ito?"

43 Pansinin, habang tinutugaygay natin ang Mga Kasulatan sa hapong ito, kung papaanong ang lahat ng bagay na iprinopesiya ukol sa Kanya ay nangyari nang eksakto sa paraan na dapat itong mangyari. Dapat sana'y alam na alam nila ang kaganapan na ito. "Itong panatiko na ito, na sumulpot na kabataang Lalaki, na mga tatlumpu't tatlong gulang at . . . o tatlumpung taong gulang, haya't nagtungo roon at kung anu-ano ang pinagsasasabi na mga Liwanag, at mga Kalapati na pumapailanlang. At, naku, isa ngang—isa ngang kahihiyan." Ang sabi pa nila, "Ipinanganak Siya nang ilehitimo ng mga magulang, sinasabi na ipinanganak daw Siya nang birheng kapanganakan."

44 Hindi ba't dapat alam nila na sinabi ni Isaias, sa Isaias 9:6, "Sa atin ay ipapanganak ang isang Bata"? Hindi ba't dapat alam nila na sinabi ng propetang Isaias, "Isang birhen ang magdadalan-tao"? Dapat sana'y alam nila ang mga bagay na ito. Pero, kita n'yo, ang nangyayari nga rito, inilalapat nila ito sa kung saan na malayong-malayo. At ang Lalaking ito, sa tingin nila, ay di lumalapat sa tinukoy na katangian. Pero sinabi Niya sa kanila, "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, dahil iniisip ninyo na sa mga Ito ay may Buhay na Walang Hanggan kayo, at ang mga Ito ang mismong Bagay na nagpapatotoo sa Aking Mensahe." Hindi kung anong sinabi ng kung sinong teologo; pero kung ano ang sinabi ng Diyos, ng Kanyang Sariling Salita, na mangyayari! Amen!

45 Ganoon din ito ngayon! Saliksikin n'yo ang Mga Kasulatan, dahil ang mga Ito Yaong nagsasabi sa atin ng oras na kinabubuhayan natin, sinasabi sa atin nang eksakto kung ano ang mangyayari sa araw na ito. Ang mga Ito Yaong dapat n'yong saligan, dahil ang mga Ito Yaong nagpapatotoo ng Persona ni Jesus Cristo. Dahil sinabi ng Biblia, na, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," dahil Siya ang kapahayagan ng Salita sa kapanahunan. Hindi nga magiging

iba.

46 Kaya naman sa pakikinig sa interpretasyon ng tao, nakikita man nila ang pagpapatibay ng Salita ng Diyos na natutupad, bigo pa rin sila na makita Ito. Dahil, umiiral ito sa tuwina, pero dahil pinakikinggan nila. . . Haya't sinabi nga ni Jesus, "Sila'y mga bulag na mga tagapanguna." At kung pangungunahan ng bulag ang bulag, anong mangyayari sa kanila? Ngayon alalahanin n'yo, inihula ng Biblia na ang eklesiyastikal na kapanahunan ng Kapanahunang ito ng Laodicea'y bulag. Hinayaan nila Siya sa labas ng iglesya. Walang ibang kapanahunan mismo, na ibang kapanahunan ng iglesya, na si Jesus ay nasa labas. Pero sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, Siya'y nasa labas, sinusubukang makapasok, "Ako'y nakatayo sa may pintuan at kumakatok." Dapat nga'y nasa loob Siya. Pero ang sabi Niya, "Dahil sinasabi ninyo, 'Mayaman ako, nagkamit ng kayamanan, hindi nangangailangan ng anuman,' at di namamalayan, di namamalayan na kayo pala'y bulag, na pinangungunahan ang bulag, ang mga dukha sa espirituwal, aba, maralita, hubad, at di ito nalalaman." Grabeng kon-. . . Kung may isang lalaki na lalakad sa lansangan, na maralita, bulag, at alam n'yo na may sapat na kamalayan siya na masasabi n'yo sa kanya na hubad siya, ang lalaki ngang 'yun ay magsisikap na gumawa ng kung anong bagay tungkol dun. Pero kung iiiling niya ang ulo niya, na magsasabi, "Hindi ko Ito tatanggapin. Sino ka ba para sabihin sa akin kung ano ang gagawin ko? Alam ko kung saan ako nakatayo." Ngayon, kung hindi ba 'yan kalunus-lunos na kalagayan, hindi ko alam. At 'yan mismo ang sinabi ng Diyos ng Bibliang ito na magiging kalagayan ng iglesya, sa masamang kapanahunan na ito ngayon, sa huling kapanahunan ng iglesya na kinabubuhayan natin.

47 Pansinin, pero sa mga tao, "Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway." Ngayon, kung kayo'y sasawayin ng Panginoon, sa bagay na ginagawa n'yo, lumalabas nga kayo kaagad mula riyan! Nilalayuan n'yo ito. "Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway."

48 Ngayon, yamang nakikita ang Diyos, ngayon, ano kaya kung ang sinabi na lang nung mga Fariseong 'yun, "Sandali lang. Binigyan tayo ng Lalaking 'yun ng isang mainam na hamon, sinabi Niya, 'Saliksikin n'yo ang Mga Kasulatan, dahil sa mga Ito ay iniisip n'yo na kayo ay may Buhay na Walang Hanggan; ang mga Ito ang nagpapatotoo sa Akin.' Mas mainam nga na bumaling ako pabalik sa Mga Kasulatan at tingnan kung ano ba mismo ang gagawin Niya, kung Sino ba Siya, kung ano ba ang dapat mangyari. Kinakailangan ko ngang bumaling pabalik at tingnan"? Sa halip na ganoon, nagtungo sila sa mga pari't tinanong sila, "Anong masasabi n'yo tungkol Dito?" Nakikita n'yo ang kaibhan? Dapat sana'y binasa nila ang Salita.

49 Sa Mga Hebreo 1:1, sinabi ng Biblia, "Ang Diyos, sa iba't

ibang panahon," 'yun nga'y, "lumang panahon at sa iba't ibang paraan ay isinulat ang Biblia sa pamamagitan ng mga propeta." Ngayon pansinin, sinulat Niya ang Biblia sa pamamagitan ng Kanyang Sariling piniling pamamaraan. Kita n'yo? Ngayon, maaari namang di Niya Ito isulat sa ganoong paraan, na maaari namang di Niya kailangang iligtas ang tao sa pamamagitan ng Dugo. Maaari namang di Niya ipangaral ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng tao; maaari naman Niyang ibunsod ang araw o ang buwan o ang mga bituwin na ipangaral ang Ebanghelyo, maaari Niyang ibunsod ang mga hangin na ihiging ang Ebanghelyo. Pero pinili Niya ang tao! At pinili Niya ang pamamaraan na ang Kanyang Salita'y darating, at 'yun nga'y sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta na Kanyang itinalaga na noong una at paunang itinalaga bago pa, bilang isang bahagi ng Salita ng Diyos, na idinideklara ang kapahayagan ng Kanyang Salita sa kapanahunan na 'yun at panahon na 'yun. "Sapagkat ang Salita ng Diyos ay dumarating lamang sa mga propeta." Hindi nga Ito kailanman dumarating sa isang teologo. Pakitaan n'yo ako ng Kasulatan. Ito'y dumarating lamang sa mga propeta. Hindi maaaring magsinungaling ang Diyos. Kaya isinulat ng Diyos ang Biblia sa pamamagitan ng Kanyang piniling pamamaraan, at sa Kanyang Sariling pinili na mga propeta; hindi mga propeta na tao ang pumili, kundi mga propeta na ang Diyos ang pumili.

50 Pagkatapos ang mga mananampalataya Nito'y nakaantabay sa katuparan ng kung anong sinabi ng kanilang propeta, at 'yan nga'y pagkakakilanlan na sila'y mga propeta ng Diyos. Dahil, unang-una, sila'y kinasihan. Kasunod nun, sila'y nananatili mismo sa napapanahong Salita. Pagkatapos 'yun ang kanyang mga kredensyal. Kita n'yo, natalakay na natin 'yan noong nakaraang Linggo. Maraming mga bulaang propeta ang magsisilitaw. At ipinakita natin ang mga pagsasalarawan kung papaanong si Balaam at si Moises, kapwa sila pinahiran ng siya ring Espiritu, haya't ang sabi pa nga ng isa sa kanila, "Iisa lang naman tayo. Tara't makisama kayo, pinapunta namin dito ang mga kababaihan namin at lahat tayo'y magsama-sama. May magagandang mga dilag kami rito, at kayong mga kabinataan ay pumarito at kumuha ng mainam na mapapangasawa. Ayos lang 'yan, tayo'y pare-parehong tao lang naman, kung tutuusin, parehong lahi." Hindi nga sila pinatawad ng Diyos para dun. Dahil nakinig sila sa ganoon.

51 Kita n'yo, ang mundo't ang—ang mga tao nga'y naghahanap ng kung anong munting lagusan, na kung anong munting alternatibong daan, kung anong munting madaling daan, pero walang madaling daan sa Salita ng Diyos. May isang Padron lang. Kinakailangan n'yong tabasan ang sarili n'yo para kumasya sa Padron na 'yan, hindi na subukang gupitin ang Padron para kumasya kayo. Yan ang dapat gawin ng bawat isa.

Yan lang ang tanging pamamaraan ng paggawa rito ng Diyos.

52 Pansinin ngayon, naghihintay ang mga mananampalataya para sa kumpirmasyon ng Salita na 'yun. Kita n'yo, hindi Ito sinulat ng tao, kundi ng Panginoong Diyos, kaya naman hindi Ito isang aklat ng tao.

53 May nagsabi, "Matandang mga panulat lang ito ng mga Hebreo." Magsusulat ba ang mga Hebreo ng isang kasulatan na kokondena sa sarili nila? Gagawin ba ng magaling na bansa ng mga Judio, na mahilig magpasikat at pulido, na isusulat nila ang sarili nilang mga katampalasan, na kokondenahin nila ang sari-sarili nila? Tunay ngang hindi. Na isisiwalat ang sarili niyang mga kasalanan, kung papaanong napadpad sila sa idolatriya, kung papaanong nakagawa sila ng pakikiapid laban sa Salita ng Diyos? Hindi, hindi. Hindi nila kailanman isisiwalat ang ganyan, bilang nagmamalaking bansa.

54 Hindi Ito aklat ng tao. Ito'y isang Aklat ng Diyos. At ang tao na nakakakita nung mga pangitain o nakakarinig ng Tinig ng Diyos, ay haya't hindi nga ito nauunawaan (maraming beses) mismo, sa maraming pagkakataon. Kita n'yo? Hindi tao ang sumulat ng Biblia. Ang Diyos ang sumulat ng Biblia. Hindi Ito. . .Hindi Ito isang aklat ng tao. Ito'y Aklat ng Diyos. Ito'y mga kaisipan ng Diyos na nahayag sa pamamagitan ng mga labi ng tao. Yun ang nagpapaging Biblia Rito. Ang isang kaisipan na nahayag ay isang salita. At sa pasimula'y ang Kaisipan ng Diyos, Kanyang hinayag Ito sa pamamagitan ng mga labi ng Kanyang mga propeta at kinumpirma Ito sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. Kita n'yo? Pansinin.

55 Ang Diyos ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpipili, sa pamamagitan ng paunang pagtatalaga, pinili ang mga propeta para sa bawat kapanahunan. Pansinin n'yo ito. Siya ang nag-aayos ng kalikasan ng propeta para umakma sa kapanahunan na 'yun. Kita n'yo, Kanyang inaakma ang istilo nito, ng mga bagay na gagawin niya. Inaakma Niya siya kung siya ba'y edukado o hindi edukado. Kanyang inaakma ang mga kaloob, ang paraan na siya'y mangangaral, ang mga kaloob na tataglayin niya. At ang Mensahe para sa partikular na kapanahunan na 'yun, paunang itinalaga ng Diyos ang partikular na bagay na 'yan na mangyari at walang ibang bagay ang maaaring humalili rito. Wala akong pakialam kung ano man ito, kung gaano mang karaming gawang-tao na tagumpay, wala ngang makahahalili rito. Kanyang itinalaga na noong una ang tao, marahil isang walang alam na tao. Marahil itinalaga Niya siya na ibang uri ng tao. Anuman siya, ang Diyos ang nagbibigay ng estado niya, ng kanyang—kanyang kaloob, ang nagbibigay ng kanyang kalikasan, ng kanyang istilo, at anuman ito, kung papaano niya ipinapahiwatig ang sarili, at anumang bagay na ginagawa niya. Ang Diyos ang humuhubog sa lalaki para sa kapanahunang 'yun

para matawag ang pansin ng mga tao na para sa kapanahunang ’yun. Tama. Siya ang gumagawa nito.

56 At sa dulo ng bawat kapanahunan, kapag ang iglesya’y bumaling na sa sanlibutan at kasalanan, at nananangan sa interpretasyon ng tao ukol sa Salita. Gaya ng dati, sila nga sa tuwina, sa dulo ng kapanahunan, ay napapadpad sa isang kaguluhan na gawa ng kanilang mga teologo’t mga pari hanggang sa ito’y laging isang kaguluhan. Sa tuwina’y mali ang kanilang interpretasyon, na haya’t wala ni isang pagkakataon na hindi ’yun pumalya sa pagiging mali. At wala ni isang beses na ang Salita ng Diyos ay pumalya na maging tama. Yan ang kaibhan.

57 Ngayon nakita n’yo, isinulat ng Diyos ang Biblia, Mismo. Ngayon, ang Diyos ay nakakapagsalita. Sinabi ni Moises na nakipag-usap ang Diyos sa kanya. Sinabi ni Jeremias, “Inilalagay Niya ang Mga Salita sa aking bibig.” At ang Diyos ay nakakapagsulat. Isinulat Niya ang sampung utos gamit ang Sarili Niyang daliri. Sumulat Siya sa mga pader ng Babilonia. At, alalahanin n’yo, sa Lumang Tipan pa lamang, dalawang libong beses nabanggit ng mga propeta, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON!” Ang Diyos ay nakakapagsalita, ang Diyos ay nakakapagsulat. Tunay nga. Halos siyamnapung porsiyento ng Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, ay ang mismong Mga Salita ng Diyos Mismo, nagsasalita si Jesus Cristo. Kaya, kung ang Diyos ay nakakapagsulat, kung ang Diyos ay nakakapagbasa, kung ang Diyos ay nakakapagsalita, hindi ba’t maibubunsod Niya ang iba na gawin ang ganoong parehong bagay? Hindi ba’t sinabi Niya kay Moises, “Sinong nagbubunsod sa isang tao na maging pipi o sinong nagbibigay sa kanya ng pananalita?” Isinulat ng Diyos ang Biblia sa pamamagitan ng mga propeta, sa pamamaraan Niya ng paggawa rito.

58 Ngayon sa bawat pagkakataon na ang iglesya’y nagiging labo-labo (at paunang nalalaman na ito ng Diyos, dahil pauna na Niyang nalalaman ang lahat na mga bagay), kaya naman mayroon Siyang partikular Niyang propeta na inihanda para sa kapanahunan na ’yun, para tawagin ang Kanyang paghirang sa pamamagitan ng Kanyang pinatotohanang Salita ng mga tanda’t mga kababalaghan, at pagpapatibay ng Kanyang Salita, “pinagtitibay ang Salita ng mga kalakip na mga tanda,” gaya ng ipinangako Niya. Siya ang nagbibigay ng tunay na interpretasyon matapos na ang propeta mismo’y mapagtibay.

59 Lahat mismo maliban sa kanila, na mga hirang na sa kanila siya’y ipinadala, ay namumuhi sa kanya. Ngayon, suriin n’yo ang bawat pagkakataon at tingnan kung tama ’yan o hindi. Tanging yaong ipinadala Siya! “Siya’y naparito sa Sariling Kanya, at Siya’y hindi tinanggap ng Sariling Kanya. Datapwat ang lahat ng sa Kanya’y nagsitanggap, sa kanila’y ipinagkaloob ang karapatan na maging mga anak ng Diyos.” Pansinin, walang . . .

bawat pagsusuri ng Salita, sa bawat pagkakataon, at sa dulo ng bawat kapanahunan o sukdulan o pinagsangahan, gaya ng naipangaral ko na nang maraming beses.

60 Tingnan n'yo ang kapanahunan ni Noe, sa may sukdulan bago ang paghatol. Anong nangyari? Si Noe, tanging ang sarili niyang pamilya ang naniwala sa naturang lalaki. Ang iba pa sa kanila'y kinutya siya. At nagunaw ang buong daigdig.

61 Noong panahon ni Abraham, tanging ang grupo ni Abraham ang naniwala. Noong magtungo ang mga Anghel at nangaral sa Sodoma, tanging si Lot at ang kanyang asawa at dalawang anak na babae ang lumabas, at ang asawa pa nga'y lumingon at naging haliging asin.

62 Noong panahon ni Moises, tanging ang hirang na Israel ang lumabas. At kinamuhian siya ni Faraon.

63 Noong panahon ni Elias, ang lahat (halos) maliban sa pitong libong kalalakihan, haya't bawat isa sa kanila'y kinamumuhian siya, ang buong bansa mismo.

64 Noong panahon ni Jeremias, haya't, pinukol nila siya ng maasim na prutas, at binansagan siyang panatiko, dahil humiga siya sa kanyang tagiliran nang napakaraming araw, at sa kabilang tagiliran naman, at—at nagdala ng mga bagay-bagay at ipinahiwatig ang mga simbolong ito. Kinamuhian nila siya.

65 Si Isaias na propeta, kanyang kinondena ang lahi na 'yun na anupa't kanilang nilagari siya sa dalawa gamit ang lagari. Siyanga.

66 Si Juan Bautista. "Isa siyang taong-bundok sa dako roon, na kung anong sigaw nang sigaw na baliw."

Ang lahat mismo maliban—maliban sa mga mga alagad na kanyang iprinesenta kay Jesus Cristo bilang isang iglesya! Hayun nga ito. Naghanda ng mga tao si Juan. Ilan ang mayroon siya? Mabibilang mo nga sa dalawang daliri. . . o dalawang kamay, sa mga daliri mo, kung ilan ang iprinesenta ni Juan kay Jesus noong dumating Siya. Ngayon, paano naman sa ikalawa Niyang pagparito? Bulayin n'yo 'yun.

67 Pero sa tuwing ang tunay na mga nananampalataya sa Biblia'y makita ang Salita na lantarang-lantaran na pinapatotohanan para sa kapanahunan, sila'y naniniwala. Walang makahahadlang sa kanila Rito, sinasampalatayanan Ito. Kanila pa ngang sinelyuhan ang kanilang patotoo gamit ang kanilang dugo. Kanilang sinasampalatayanan Ito. Mangyari nga na sa kanila ito, na mga predestinado, na para sa partikular na kapanahunan na 'yan ang makakakita at sasampalataya.

68 Hindi Ito makita-kita ng iba; sila'y binulag. Ngayon, sasabihin n'yo, "Hindi nila Ito makita." Ngayon, gaya ni Balaam, bakit di Yun makita-kita ni Balaam? Isa rin naman siyang propeta, pinahiran. Bakit hindi rin Ito makita-kita ni Faraon?

Noong nakikita niya ang kamay ng Diyos na bumababa't nagpapamalas ng himala roon, pinatitigas lang nun ang puso niya. Tama ba? Bakit di Yun makita-kita ni Dathan, na isang Judio mismo? Doon nga mismo, tinawid niya ang Dagat na Pula, at kumakain nung manna gabi-gabi, na sariwang bumabagsak, at sa kabila nun ay di pa rin Ito makita-kita. Bakit di Yun makita-kita ni Core? Bakit di Ito makita-kita ni Caifas? Siya ang punong lalaki ng relihiyon ng mundo noong panahon na 'yun. Bakit di niya nakita na 'yun na ang Mesiyas? Bakit di Ito nakita ni Judas? Kasa-kasama pa nila si Judas, lumalakad kasama nila, nagpapamalas mismo ng mga himala kasama nila. Pero kinakailangang matupad ang Salita. Sinasabi ng Biblia na sila'y lumitaw dun para ganapin ang papel na 'yun. Sila'y lumitaw para sa layunin na 'yun. Totoo. Sinasabi 'yan mismo ng Mga Taga-Roma 8.

69 Ngayon nakikita ng mga mananampalataya ang Salita na nagsalaman sa kanilang henerasyon, na ang Diyos ay nagsasalita. Ngayon, sila na mga totoong tunay na mananampalataya, sila na pitong libo (o pitong-daan ba 'yun?) noong panahon ni Elias. Pitong libo nga. Noong panahon ni Elias, may pitong libong tao mula sa halos dalawa o tatlong milyon, na nakakita na Yun nga'y tama. Ni hindi makasandaang bahagi ng mga tao, halos. Pero nakita nila Ito na tama. Nakita nila ang Diyos na nahayag. Yung matandang balo na ipinadala sa kanya si Eliseo, nasa labas ang balo't namumulot ng dalawang patpat, para gumawa ng isang tinapay, at sapat lang na tinapay para sa kanya at sa kanyang anak na lalaki, at pagkatapos mamamatay na sila. Pero masdan n'yo si Elias, ang sabi niya, "Gawan mo ako ng isa, muna. Dahil, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang gusi ay hindi makukulangan at maging ang banga ay di matutuyuan hanggang sa araw na ang Panginoong Diyos ay magpapadala ng ulan sa ibabaw ng lupa." Walang tanong-tanong, nagtungo siya agad para gawin 'yung tinapay at ibinigay ito sa propeta. Ang sabi, "Gawan mo muna ako, at pagkatapos gumawa ka ng isa para sa iyo at para sa iyong anak na lalaki." Dahil, pinakinggan niya ang lalaki na 'yun, at tumingin sa kanya; isa nga siyang predestinadong binhi.

70 Marami sa kanila ang nagsasabi, "Hayan na naman ang matandang baliw uli. Sinumpa tayo ng Diyos dahil sa kanya," alalahanin n'yo, si Elias. Ang sabi, "Ikaw ang gumugulo sa Israel."

71 Ang sabi niya, "Ikaw ang gumugulo sa Israel." Nakikita n'yo kung sino ang inaano ng Diyos . . . Kung kaninong Salita ang Kanyang pinagtitibay? Kanyang Sariling Salita.

72 Ngayon sinasabi ng Biblia na sila'y lumitaw para sa layunin na ito, pero kapag . . . ang—ang di-mananampalataya. Pero ngayon kapag nakikita ng isang tunay na mananampalataya ang Salita ng kapanahunan na 'yun na nagsalaman, na ang Diyos ay

nagsasalita sa pamamagitan ng mga labi ng tao at pagkatapos ay ginagawa nang eksakto ang sinabi Niya na Kanyang gagawin, ’yun na ’yun!

73 Ngayon masdan n’yo ang iba pa nito. Huwag n’yong pagtuunan ang mga tanda. Kung pagtutuunan n’yo ang mga tanda, kayo’y malilinlang gaya mismo ng mundo. Lilitaw ang mga bulaang propeta’t magpapakita ng mga tanda’t mga kababalaghan na dadaya maging sa mga hirang kung maaari. Pagtuunan n’yo ang Salita. Tingnan n’yo itong mga pari, mga propeta, propetang Hebreo na nakatayo roon. Hayan si Zedekias na may dalawang malalaking sungay, at nagsasabi, “Ako’y isang propeta na itinalaga-ng-Diyos.” Totoo. “Mayroon akong tatlong-daan at siyamnapu’t siyam dito na kasama ko, at nasa amin ang Espiritu Santo, na pinapatotohanan at sinasabi na ang lupain ay pagmamay-ari natin. Humayo tayo at kunin ito. At sa pamamagitan ng mga sungay na ito, Ahab, itutulak mo ang kaaway palabas ng ating lupain, dahil ibinigay sa atin ng Diyos ang lupaing ito.”

74 Masdan n’yo ’yung relihiyosong lalaki, mabuting lalaki, si Josaphat, ang sabi, “Mayroon ka pa bang isa?”

75 “Isa pa? Apatnaraan na ’yan na nagkakasundo!” Sabi niya, “Oo, mayroon pa namang isa sa paligid dito, pero kinamumuhian ko siya.” Sabi, “Lagi siyang nambubulyaw sa lahat sa amin dito at sinasabi sa amin kung gaanong malalaking makasalanan kami, at lahat na.” Sabi, “Kinamumuhian ko siya! Siya, siya si Micaya, anak ni Imla.”

76 Sabi niya, “Oh, huwag naman sanang sabihin ’yan ng hari. Humayo kayo at sunduin siya at pakinggan natin kung anong sasabihin niya.”

77 Kaya dinala nila siya roon. Sabi niya, “Ibigay n’yo sa akin ang gabing ito at titingnan ko kung anong sasabihin ng Panginoon tungkol dito.”

78 Sabi ni Ahab, “Inuutusan kita, huwag kang magsabi ng anuman kundi katotohanan lang.”

79 At ang sabi nung lalaki, sabi, “Ngayon, kung gusto mong makabalik sa mainam na pakikisama, magsalita ka lang nang gaya ng iba pa sa kanila.”

Sabi ni Micaya, “Sasabihin ko kung anong sinasabi ng Diyos.” Kita n’yo?

80 Noong sumunod na umaga, lumabas sila. Nagsuot ng kanilang balabal ang mga hari, naupo sa may pintuang-bayan, lahat ng mga kilalang tao. Nakatayo roon ang propeta. Sabi, “Ngayon, panatiko, anong masasabi mo tungkol dito?”

81 Sabi, “Humayo ka.” Sabi, “Pero nakita ko ang Israel na nagkalat na parang mga tupa na walang pastol.”

82 Kanyang sinam- . . . itinaas ang kanyang kamay ay sinampal siya sa bibig. Sinampal nung propeta ang propeta sa bibig. Ngayon, nakatayo roon kapwa ang mga pinahirang propeta, nagpropesiya, apatnaraan laban sa isa, na mukhang di patitinag. Ngayon, sa karamihan ng payo haya't di laging kaligtasan. Kumpurme kung saan sila . . . kung ano ang ipinapayo nila, kung ano ang payo nila. Walang kaligtasan doon para sa hari, at itinuring niya ang karamihan na 'yun sa ipinayo nila na tama. Pero kung huminto lamang siya't bumaling sa balumbon ng aklat at tiningnan kung ano mismo ang sinabi noon ni Elias.

83 Mangyari nga, na hindi makapagsasabi ng anuman si Micaya, hindi niya alam, kung pinatawad ba siya marahil ng Diyos ukol dito. Pero unang-una, sa pagiging isang propeta, dumulog siya sa Diyos para alamin kung ano ang sinabi ng Diyos. At nasumpungan niya ang sinabi ng Diyos. Ang sabi niya, "Nakita ko ang Diyos na nakaupo sa isang luklukan, at ang sabi Niya . . . habang ang lahat ng Kanyang mga tagapayo ng Langit ay nagkakatipon sa palibot Niya, sabi, 'Sino ang maisusugo Natin sa ibaba at magbubunsod kay Ahab na humayo rito, nang sa gayon maisakatuparan Natin ang propesiya na sinalita ukol sa kanya?'"

84 Kita n'yo, propesiya, sinabi na noon ni Elias, "Hihimuran ng mga aso ang iyong dugo."

85 At kaya ang sabi niya siya'y "nakakita ng isang nagsisinungaling na espiritu na pumailanlang mula sa ilalim, na lumapit, dumulog sa harapan Niya, na ang sabi, 'Bababa ako at lulukob sa kanyang mga propeta, mga propeta ni Ahab, at ibubunsod sila na magpropesiya ng isang kasinungalingan.'"

86 Ngayon, alam ng Diyos na ang mga kalalakihang 'yun ay mapagmalaki at punung-puno ng teolohiya na akala nila tama sila sa lahat ng bagay. Hindi nila napansin ang Salita para sa oras na 'yun. Kaya ang sabi ng Diyos, "Magtatagumpay ka; sige't pumunta ka." At noong sabihin 'yun ni Micaya, 'yun ang nagbunsod sa kanila na magpropesiya sa ilalim ng isang masamang espiritu. Marahil kanila nang hinila ang dugtungan ng telepono, o pinatay ang radyo, o kung ano ang ginawa; noong marinig nga nila Yun na laban sa kanila, nagsitayo sila't lumakad palabas. Pero tingnan n'yo kung anong nangyari. Ngayon, kinailangang ihambing ni Micaya ang kanyang pangitain sa naisulat na Salita, kaya naman nalaman niya.

87 Ang sabi ni Ahab, "Kapag dumating ako . . . Ilagay n'yo sa bilangguan ang lalaking 'yan, bigyan n'yo siya ng tubig ng kadalamhatian at tinapay ng kadalamhatian. Sa pagbalik ko, akong bahala sa kanya."

88 Sabi ni Micaya, "Kung makakabalik ka pa, hindi kailanman nangusap sa akin ang Diyos." Diyan nga'y alam na alam niya na

ang kanyang pangitain ay eksakto mismong nakalapat sa bawat Salita ng oras na 'yun. Oras na ni Ahab.

89 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ito na ang oras at panahon ng pagtawag palabas ng Babilonia. Narito na ang mga panggabing Liwanag. Magsilakad kayo sa Liwanag habang may liwanag pa. Pansinin, nakita ng mga mananampalataya ang Salita na nahayag at sinampalatayanan Ito. Ang sabi ni Jesus, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, ang Aking Salita, ang Aking mga tanda ng kapanahunan. Sa isang huwad ay di sila susunod."

90 Ngayon dumako na tayo sa ating teksto, dahil nakikita ko na lumalayo ako. Nais ko lang bigyan ng diin ang pila na 'yan para sa pananalangin. Balikan natin ang teksto ngayon na nililirip natin, dito pansumandali. Buweno, mangyayari't mangyayari ito uli gaya ng lagi nitong ginagawa, gaya ng dati.

91 Ipinadala ng Diyos ang Kanyang propeta, si Juan, gaya ng sinabi ng Kanyang Salita, ipinangako sa Malakias 3, "Narito, isinusugo Ko ang Aking mensahero sa harapan Ko, para ihanda ang daan." Nasaksihan ni Juan ang ganoon mismong bagay. At nakita rin natin, sa Isaias 40:3, na sinabi ni Isaias, "Magkakaroon ng isang tinig ng isang propeta, na sumisigaw sa ilang, 'Ihanda ang daan ng Panginoon.'" Kita n'yo? Lahat ng mga propesiyang 'yun! At—at tingnan n'yo, pansinin n'yo dagli, ipinakilala siya ng Kasulatan.

Noong sabihin nila, "Sino ka? Ikaw ba ang Mesiyas?"

Sabi niya, "Hindi ako."

"Ikaw ba si Jeremias? Ang mga propeta, o isa sa kanila?"

92 Sabi niya, "Hindi ako. Pero ako yaong tinig ng isa na sumisigaw sa ilang, gaya ng sinabi ni propeta Isaias."

93 Sa palagay n'yo ba paniniwalaan nila 'yun? Hindi, nga. Bakit? Hindi kasi siya nanggaling sa kanilang simbahan. Hindi siya kabilang sa kanilang. . .Kita n'yo, nagtungo siya sa ilang sa edad na siyam na taong gulang, at lumabas dun nang trenta na. Masyadong matindi ang mensahe niya para dumaan sa isang eskuwelahan ng teolohiya; siya yaong isa na ipapakilala ang—ang Mesiyas. At lahat nga'y hahatakin siya sa gawi *rito* at gawi *roon*. At kaya ipinadala siya ng Diyos sa ilang, matapos mamatay ng kanyang tatay, na si Zacarias. At isa siyang saserdote, pero hindi siya sumunod kailanman sa yapak ng kanyang tatay.

94 Dahil, hindi nanggagaling ang mga propeta sa bagay na kagaya nun. Sila'y nanggagaling sa liblib na mga lupain, sa ilang. Walang nakakaalam kung saan sila nanggaling, o kung paano sila lumilitaw sa eksena, o anumang kasaysayan tungkol sa kanila. Lumilitaw na lang sila't ipinapangaral ang Salita, at kukunin sila ng Diyos, at mawawala na sila sa eksena;

kokondenahin ang henerasyon na 'yun, at hahayo na sa Kanyang Salita, na hinihintay ang dakilang araw na 'yun.

95 Hindi siya pinapaniwalaan ng iglesya, dahil hindi nila siya kilala. Wala silang tala tungkol sa pagkaka-ordena sa kanya sa kanilang mga aklat, kaya naman tinatanggihan nila siya. Kita n'yo, hindi sila naniniwala sa pinagtibay na Salita ng Diyos, nang tahasan, letra por letra. Kita n'yo? Malakias 3, dalawang Kasulatan para patotohanan siya, Malakias 3 at Isaias 40:3. Kita n'yo, nangusap ang dalawang Kasulatan na 'yun tungkol sa isang lalaki na parating, na ihahanda ang daan ng Panginoon. Lapat siya sa bawat tinukoy na katangian na 'yun.

96 Siya'y dapat na isang propeta mismo. "Aking isusugo sa inyo si Eliseo." At hayun nga siya, sa bawat di-pulidong gawi. Masdan n'yo ngayon ang katangian niya na kumakalupkop kay Elias. Si Elias ay isang lalaki ng ilang, ganoon din si Juan; taga-labas. Hindi siya pulidong lalaki, isa siyang di-pulidong lalaki.

97 Pansinin n'yo uli, si Elias ay isang mapagmuhi sa babae, sinabi niya kay Jezebel ang tungkol sa lahat ng kolorete niya, at kung saan tutuloy at lulubay dun. Ganoon din si Juan. Tinangkang patayin ni Jezebel si Elias, nanumpa sa kanyang mga diyus-diyosan na kanyang pupugutan ng ulo si Elias. Ganoon din si Herodia. Kita n'yo?

98 Sa tuwina nga'y matyagan n'yo ang kanilang mensahe, matyagan n'yo ang bagay na kanilang ginawa. Ngayon nasumpungan natin na kung tiningnan lang sana nila pabalik at makikita nila kung ano mismong sinabi ng Biblia, at mamasdan ang kalikasan ng tao at kung gaanong lapat na lapat siya sa panahong 'yun kalakip ang Mga Kasulatan at lahat na, nakilala't nakilala sana nila siya. Mga nasa kalahating dosena lang ang nakaalam nun. Ganoon nga. Wala pang kalahating dosena ang nakapagtanto nun. Sila'y nakinig naman sa kanya, pero hindi nila Ito pinaniwalaan. Kita n'yo? Bakit? Hindi nila pinaniwalaan ang pagkakakilanlan ng propesiya sa oras nila.

99 Pansinin n'yo, tinawanan lang nila siya, binansagan pa siyang "palasigaw, na di-sibilisado't, di-aral na panatiko na di man lang nakapag-eskuwela, 'hit, hain't, tote, carry, fetch,' na kung anu-ano pa." Gaya ng dati hinusgahan nila siya dahil sa kanyang edukasyon. Hinusgahan nila siya dahil sa kanyang pagbabaybay ng pangungusap, dahil sa paraan ng pananamit niya. Nakadamit lang kasi siya ng piraso ng balat ng tupa na nakabalot sa kanya, at may balat ng kamelyong sinturon, tapos mabalahibo siya. Lulusong dun sa katubigan; walang simbahan, walang upuan, walang tumataguyod; hindi nila 'yun matanggap; sumasamba kasi sila sa diyos ng sanlibutan. Kita n'yo?

100 Hindi ko ibig sabihin ngayon na walang mga bulaang propeta ang lumilitaw, gaya nina Jambres at Janes. Pero ang paraan para masigurado n'yo, ay ihambing ang orihinal

na mensahe sa Salita, tapos makukuha n'yo; kung anong kapanahunan ito, at kung anong iprinopesiya para sa kapanahunan na 'yun.

101 Pagkatapos pinagtibay ang propesiya ni Juan sa Sariling kaayusan ng Diyos. Masdan n'yo kung gaanong kalapat na lapat. Ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta." At si Jesus ang Salita. At nagpropropesiya si Juan ukol sa pagdating ng Salita para sa katuparan; at si Jesus, ang Salita, ay dumating sa propeta, doon sa tubig. Oh, talagang ang ganda! Ganoon na lamang na di-nabibigo ang . . . Kita n'yo? Ang Salita'y isang dahop na bagay sa panahon na 'yun. Hetong dumarating ang propeta, na sinasabi, "Ako ang tinig ng Salita."

Ang sabi nila, "Anong dapat naming gawin?"

102 Sabi, "Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng Kanyang panyapak. Pero heto ang Isa na nakatayo sa kalagitnaan n'yo, sa kung saan, Siya Yaong magbabautismo sa inyo sa Espiritu Santo at Apoy. Ang kalaykay Niya'y nasa Kanyang kamay, at lubos Niyang lilinisin ang Kanyang giikan, at susunugin ang dayami sa di mapapatay na apoy, dadalhin ang trigo sa bangan." Oh, grabeng propeta! Sinabi ni Jesus na walang lalaki kailanman ang ipinanganak ng isang babae na kasingdakila niya, hanggang sa panahon na 'yun. Oh, grabe talaga! Talagang alam niya kung saan siya nakatayo! Alam niya mismo. Nakapakinig siya mula sa Diyos, at 'yun nga'y eksakto mismo sa Salita, kaya di niya alintana anuman ang sabi-sabihin ng mga tao. Kanya Itong ipinangaral at iprinopesiya Ito, ano't anuman. At masdan, kapag ang isang tao'y titindig para sa bagay na Katotohanan, hayan nga ang Diyos ay obligado na patotohanan ang lalaking 'yun na Katotohanan.

103 Noong magtungo si Moises doon sa Egipto, at nagsabi, "Ako'y nasa ilang sa ibayo, at nakakita ako ng punongkahoy na nag-aapoy, at hindi 'yun matupok-tupok. Nilapitan ko ang punongkahoy, at, noong magawa ko, may isang dakilang Haliging Apoy na nakalutang doon. At isang Tinig ang nagsabi, 'AKO SI AKO NGA.' At sinabihan Niya ako na kunin ang tungkod na ito at magtungo rito at magpamalas ng mga himalang ito, at pagtitibayin ng Diyos ang Kanyang Salita." Iuunat ang tungkod na ito, hayan nga na darating ang mga kuto at langaw, at kadiliman at kung ano pa. At pagkatapos para patotohanan ang propeta na 'yun, dinala Niya ang mga mananampalataya na 'yun pabalik sa may bundok, at bumaba ang Diyos sa parehong Haliging Apoy, sa parehong bundok, at pinatunayan na 'yun ay tama mismo.

Ngayon tingnan n'yo ang ginagawa Niya sa panahong ito. Eksakto.

104 Ngayon, dumarating ang Salita sa propeta at pinatototohanan na siya ang tunay na taong 'yun, ang mismong

tao na sinabi ng Mga Kasulatan na magiging siya. Bilisan na natin ngayon. Pero, hayan nga, na si Jesus ay dumating sa ibang anyo kaysa sa kanilang gawang-tao na interpretasyon ng propesiya. Pinaliwanag ng tao kung magiging ano raw ito. Hayan nga. Iniisip ng mga Presbyterian na dapat na sila raw 'yun. Masdan n'yo na sa tuwing gumagawa ng anumang bagay ang Diyos, masdan n'yo ang bawat organisasyon na nagpapalitaw ng ganoon din. Hayan nga, sa tuwina'y ganyan lagi. Mayroon silang Jambres at Janes sa lahat ng dako. Pansinin n'yo, nagsalita naman sila ng bahagi nung Salita. Pero, ayon sa Salita ng propeta, dapat bawat Letra!

105 Napalampas nila ito uli, gaya ng dati, binansagan Siyang isang manghuhula ng kapalaran, "isang diyablo; Beelzebub," at ang sabi'y ginagawa Niya ang Kanyang Sarili na Diyos, na dapat sana'y alam nila, sa pamamagitan ng kanilang Biblia mismo, na Siya nga ay Diyos.

Pansinin, Siya'y iprinopesiya ni Isaias, Isaias 9:6, ang sabi, "Ang Pangalan Niya ay tatawaging Ang Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama." Wala na ngang kasunod na mga ama pagkatapos n'yan, dahil Siya ang unang Ama sa pasimula, Siya ang nag-iisang Ama; ang sabi, "Huwag n'yong tatawagin ang sinumang tao sa lupang ito na, 'Ama,' alinman, pagkatapos nun." "Siya'y ang—Ang Makapangyarihang Diyos, at Ang Walang Hanggang Ama, Ang Tagapayo, Ang Pangulo ng Kapayapaan." Tunay nga.

106 Ngayon, ginawa nila sa Kanya ang bagay na inilista ng lahat ng mga propeta na gagawin nila, gaya ng kung papaano ang ginagawa nila sa mismong Kapanahunan ng Laodicea na ito, na inilalagay Siya sa labas ng iglesya. "Mga bulag, hubad, at di ito nalalaman." Gaya mismo ng sinabi ng propeta, ng propeta ng Biblia. Binulag ng mga tradisyon ng tao, ipinalabas nila Siya, ang Salita na nasa labas na ng kanilang mga iglesya, gaya ng kinagawian, gaya ng iprinopesiya ukol sa kanila.

107 Pansinin n'yo ngayon, bilisan na natin ngayon. Huwag n'yo itong mapalampas. Heto 'yung teksto, kung papaanong inihayag ni Jesus ang Kanyang Sarili sa dalawang alagad na ito na Siya ang kanilang Mesiyas! Ngayon lahat po ng mata'y tumuon dito. At diyan sa labas, huwag n'yo itong mapalampas ngayon. Sinisikap naming sabihin sa inyo na ang Biblia ay Salita ng Diyos, isinulat ng Diyos Mismo, sa pamamagitan ng mga labi at paggamit sa tao bilang instrumento. Ang Diyos ay nakakapagsulat, Mismo. Ang Diyos ay nakakapagsalita, Mismo. Nagagawa ng Diyos ang anumang bagay na nais Niya, pero pinili Niya ang tao na gawin ito dahil ang tao na sumulat Nito ay bahagi ng Diyos. Kaya, isinulat ng Diyos ang Biblia. Haya't walang kamalayan ang mga kalalakihang ito sa mga isinusulat nila, sa sarili nilang pantaong kaisipan. Marahil di pa nga sila sasang-ayon Dito, pero kanila Itong isinulat. Hindi

nila magagawa. Ang sabi ng Biblia, “Mga kalalakihan noong unang panahon, na nangaudyukan ng Espiritu Santo!” Pinakilos ng Diyos ang kanilang mga kamay, ipinaling ang kanilang mga mata sa mga pangitain. Wala silang ibang masasabi kundi ang bagay na nakikita nila. Wala silang ibang sasabihin, dahil Siya’y may ganap na kontrol ng dila, daliri, bawat bahagi ng katawan ay nasa ganap na indayog sa Diyos. Hindi nakapagtataka na sinabi ng Biblia na sila’y mga diyos, sila kasi’y bahagi ng Diyos! Siya naman ang kapuspusan ng Diyos.

108 Pansinin n’yo kung papaanong si Jesus, ang Salita, ay ibinunsod itong dalawang alagad na ito na sawi ang puso na makilala Siya na kanilang Mesiyas, ang Mesiyas, ang ipinangakong Salita. Pansinin n’yo ang bagay na ginawa Niya, Siya’y bumaling sa propesiya. Pansinin, “Mga haling, makukupad ang puso na magsisampalataya sa lahat ng isinulat ng mga propeta.” Ngayon, hindi Niya kailanman sinabi, “Buweno, ano, ano ba ang sinasabi ng simbahan tungkol dito?”

109 Ikinuwento nila sa Kanya ang kaganapan. Alam nila ang lahat ng mga pangyayari na naganap. Malungkot na malungkot sila. Sinabi pa nga nila sa Kanya, “Isa Ka bang nakikipamayan dito, o aba’t di Mo alam ang nangyari sa Jerusalem?”

110 Sabi Niya, “Anong mga bagay?” haya’t umakto Siya na hindi Niya alam. Kita n’yo, kung minsan ginagawa Niya ang mga bagay-bagay para makita kung anong gagawin n’yo ukol dito. Kita n’yo? Sabi, “Anong mga bagay? Sino ba ’yun? Anong nangyari?”

111 “Isa Ka bang nakikipamayan?” At ang kau-kausap nila’y ang Lalaki na kasa-kasama nila nang tatlo’t kalahating taon, at di nila Siya nakilala.

“Anong mga bagay? Ano bang nangyari?”

112 “Buweno,” sabi nila, “si Jesus na taga-Nazaret, na isang Propeta. Walang duda sa isipan namin. Siya’y makapangyarihan sa Salita at sa gawa sa harap ng lahat na mga tao. Nasaksihan namin Siya na ginagawa ang mga bagay-bagay kaya Siya’y napagkikilanlan bilang Propeta ng Diyos para sa kapanahunan na ito. Alam namin ’yun. At naniniwala kami na Siya ang magiging Manunubos, na Kanyang tutubusin ang Israel.”

113 Pagkatapos bumaling Siya’t nagsabi, “Mga haling, na makukupad ang puso na nananampalataya na lahat ng sinabi ng propeta ukol sa Kanya ay hindi matutupad?” Kita n’yo? Masdan n’yo Siya ngayon na bumabaling pabalik sa propesiya. Grabeng pagsaway nga para sa mga mananampalataya, na nag-aangkin na sumasampalataya raw sila sa Kanya!

114 Pansinin n’yo kung paano Niya tinugaygay ang usapin. Hindi Siya bigla na lang umeksena dun at nagsabi, “Ako ang inyong Mesiyas.” Magagawa naman Niya, dahil Siya namang talaga. Pero pansinin n’yo na pinagkilanlan Niya ang Kanyang

Sarili sa Salita, nang sa gayon malaman nila. Kung basta lang Niya sinabi, masasabi nga Niya at di nga lang magiging ganoon; pero noong gawin Niya't magsimulang mangusap tungkol sa lahat ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Kanya, at nakita nila ito, na pagkatapos nga'y masasabi nila sa kani-kanilang sarili, kung sila'y mga anak ng Diyos. Pero tinawag ang kanilang atensyon sa bagay na pauna nang sinabi ng mga propeta at sinabi sa kanila na tumingin sa panahon na ang Mesiyas, sa Kanyang kapanahunan, ay mahahayag. Siya, gaya ng ginawa ni Juan, ibinunsod ang Salita, ang Biblia, na mapagkilanlan ang kanilang Mensahe. Alinmang tunay na propeta ay gagawin 'yan. Oo. Hindi na basta lumantad lang doon at nagsabi, "Ako Siya. Ako'y . . . " Hindi ganoon ang isang tunay na propeta ng Diyos. Kita n'yo? Kundi sinabi Niya, "Bumaling kayo pabalik sa Mga Kasulatan." Kita n'yo, hindi Siya kailanman nabibigo sa paraan Niya ng paggawa nito. Kita n'yo?

Sabi nito, "Kilala namin si Moises."

115 Sabi Niya, "Kung nakikilala n'yo talaga si Moises, ay dapat sana'y nakikilala n'yo Ako." Sabi Niya, "Sumulat si Moises tungkol sa Akin." Sabi, "Saliksikin ninyo ang Kasulatan, sa mga Ito ay iniisip ninyo na kamit ninyo ang Buhay na Walang Hanggan, at ang Kasulatan ang siyang nagpapatotoo ukol sa Akin. Sige't tingnan n'yo sa Kasulatan at makikita n'yo ito."

116 Dito nga'y hindi Niya kailanman binabago ang pamamaraan Niya ng paggawa rito, hindi kailanman nabago. Hindi Siya kailanman mababago, dahil Siya'y Diyos na di-nagbabago. Kita n'yo? Pansinin n'yo bumaling Siya pabalik sa dalawang alagad na ito, si Cleofas at kaibigan niya, sa daan sa Emaus, at ang sabi, sumangguni sa Mga Kasulatan sa kanila, ang sabi, "Bakit kayo napakahaling na hindi maniwala sa bawat Salita na isinulat ng mga propeta ukol sa Mesiyas na matutupad ang mga ito?" Oh, grabeng araw nga!

117 Ginawa ni Juan ang siya ring bagay. "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, balikan n'yo at suriin, ang sabi'y magkakaroon ng 'isang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang.' Saan ba ako nanggaling?" Kita n'yo? Yan, 'yan nga sana'y nagbunsod dito nang hayagan sa kanila. Tama!

118 Dapat nga sana'y ibunsod ito nang hayagan sa panahon ngayon, ang bagay na nakikita nating ginagawa ng Espiritu Santo. Sinabi Niya minsan, "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan." At tayo . . . Nais Niya na gawin natin ito ngayon.

119 Pansinin, nagsimula Siya sa propesiya ni Moises, ang sabi ng Biblia, "Siya, simula kay Moises at sa lahat na mga propeta," anupa't nagsimula Siya kay Moises. "Isang Propeta," sabi ni Moises, "ang Panginoon n'yong Diyos ay magbabangon sa kalagitnaan n'yo na mga tao, sa gitna ng bayan. Ang Panginoong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta."

120 Ngayon marahil sinabi Niya, "Cleofas, at ang kaibigan mo rito, hindi ba't sinabi ni Moises na sa panahong ito ang Panginoong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta? At ang Lalaki na ito na kanilang ipinako, hindi ba't lapat Siya sa kuwalipikasyon na 'yun? Ngayon, iprinopesiya ito ni Moises. At ngayon wala kayong propeta nang daan-daang taon, at heto ang isang Lalaki na lumitaw. At ano nga uli ang tagapanguna ng Lalaking ito, gaya ng sinasabi n'yo?" Nakukuha n'yo ba? At lahat mismo ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Kanya, para sa Kanyang kapanahunan, Kanyang sinalita sa kanila. Sigurado ngang napaka interesante na makinig sa Kanya. Hindi ba't nanaisin n'yo rin na mapakinggan Siya noon? Nanaisin ko ngang mapakinggan Siya, makinig sa Kanya, kung ano ang sinabi Niya na sinabi ng mga propeta tungkol sa Kanyang Sarili, pero hindi Niya sinabi na Siya 'yun. Ipinakita lang Niya sa kanila sa pamamagitan ng propesiya. Sinabi lang Niya, "Sinabi ng propeta na ganito ang mangyayari." Kita n'yo?

121 Bumalik lang tayo nang kaunting minuto, at ngayon nga'y pakinggan natin ang Mga Salita na Kanyang sinipi Mismo. Tingnan n'yo rito, ang Salita Mismo na sinisipi ang Salita ukol sa Kanyang Sarili Mismo. Ang Salita Mismo'y sinisipi ang Salita patungkol sa Kanya. Hindi basta sabihin na lang sa kanila na Siya 'yun, kundi hinayaan Niya ang Salita na mangusap mismo para sa Sarili Nito, pagkatapos malalaman nila kung Sino Ito. Ang letra ng Salita, na sinisipi ang Salita sa. . .Ang Salita sa laman, na sinisipi ang Salita ng letra, na ganap na pinagkikilanlan ang Kanyang Sarili. Tingnan n'yo rito, ngayon pakinggan natin ang pagsipi Niya. Kung papaanong. . .Ngayon, alam natin na lahat sila'y pinaalaman ng mga kamakailan na pangyayari, 'yun nga'y, tungkol sa pagpapapako sa krus at tungkol sa kuwento nung pagkabuhay na mag-uli, 'yung libingan, gaya ng kababasa lang natin. Ngayon dumiretso Siya sa Salita ng propesiya ukol sa Kanyang Sarili. Ngayon isipin lang natin na sinabi Niya ito; marami pa Siyang sinabi kaysa rito, pero masdan n'yo.

122 Anupa't ang sabi Niya. . .mapapakinggan natin Siya na magsasabi, "Bumuklat kayo sa Zacarias 11:12. At hindi ba't ang Mesiyas ay ipagbibili, ayon sa propeta, sa halagang tatlumpung pirasong pilak? Kasasabi n'yo lang na ang Lalaking ito ay ipinagbili sa tatlumpung pirasong pilak. Bumuklat kayo sa. . ." Nakukuha n'yo ba ang Mga Kasulatan? Zacarias 11:12. At pagkatapos ang sabi Niya, "Napansin n'yo ba ang sinabi ni David sa Mga Awit, Awit 41:9? Siya'y ipagkakanulo ng mga kaibigan Niya. At muli, sa Zacarias 13:7, Siya'y tinalikuran ng Kanyang mga alagad. At sa Mga Awit 35:11, inakusahan Siya ng mga huwad na saksi. Kasasabi n'yo lang na Siya nga. Isaias 53:7, Siya'y hindi umimik sa harap ng Kanyang mga taga-akusa. Isaias 50:6, kanilang nilatigo Siya, ang sabi ng propeta.

Mga Awit 22, Siya'y sisigaw dun sa krus, 'Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?' Ginawa ba Niya, noong isang araw bago itong kahapon? Mga Awit 22 uli, 18, pinaghati-hatian nila ang Kanyang mga damit. Ginawa ba nila 'yun? At Mga Awit 22:7 hanggang 8, tinuya Siya ng Kanyang mga kaaway, ng iglesya. Mga Awit 22 uli, walang buto sa Kanyang katawan ang mababali, bagkus 'kanilang bubutasin ang Kanyang mga kamay at Kanyang mga paa,'" ang sabi Niya. Ang Kanyang mga kamay ay magkakapit sa likuran Niya, walang pasubali, noong mga oras na 'yun. "Isaias 53:12 ang sabi'y mamamatay Siya sa pagitan ng mga tampalasan. Isaias 53:9 ang sabi'y Siya'y ililibing kasama ang mayayaman. Ang sabi ng Mga Awit 16:10, 'Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, ni titiisin ang Aking Isang Banal na makakita ng pagkabulok.' At hindi ba't ang Malakias 3 ang tagapanguna ng Lalaking ito?" Oh, nanaisin ko talagang marinig Siya noon na sinisipi 'yun. Tingnan n'yo ang mga propesiya! Pansinin, pagkatapos 'yung lahat ng mga tipo na marahil tinugaygay Niya, tungkol kay Isaac, sa Genesis 22, kung papaanong paunang ipinakita ng Diyos si Isaac, kung papaanong ang amang si Abraham ay sinama ang sarili niyang anak, pasan-pasan nito ang kahoy paakyat ng burol, at inalay ang sarili niyang anak.

123 Unti-unti na ngayong tumitimo sa kanila. Kasasabi lang Niya sa kanila na sila'y mga haling dahil sa hindi pagtingin sa propesiya para sa panahon na 'yun. At ngayon nagsisimula nang tumimo, unti-unting nakikita ang katuparan ng lahat nito na nangyari nang makalipas na ilang araw, sa huling dalawa o tatlong taon, ang pinatotohanang propesiya ng kapanahunan. Doon nga nila nalaman na ang kanilang Kaibigan na ipinako sa krus, si Jesus, ay tinupad ang bawat Salita nito. Oh, doon nga nila nalaman na ang Lalaking 'yun ay tunay na yaong Mesiyas, na—na Siya nga'y babangon mula sa patay. "Hindi Siya maaaring pigilan ng libingan. 'Hindi ko titiisin ang Aking Banal na Isa na makakita ng kabulukan.' Wala maski isang Salita ng propesiya ang maaaring mabigo. At Siya'y bumangon mismo."

124 "Kung ganoon ang mensahero na nagtungo sa may libingan nitong umaga'y tama. Siya'y nabuhay mula sa patay. Siya'y buhay. Siya ang Mesiyas na yaon." Bakit? Hindi ito mabibigo. "Ang Kanyang kilos, ang Kanyang pagmiministeryo at lahat ng bagay na ginawa Niya ay pinagtibay nang eksakto sa Mga Salita na sinabi ng propeta na mangyayari para sa araw na ito. Naipangyari mismo." Pagkatapos nalaman nila na Siya nga ito, ang kanilang Kaibigan na ipinako sa krus, si Jesus, na gumawa nito. Hindi nakapagtataka na ang kanilang puso'y nag-alab sa loob nila habang Siya'y nakikipag-usap sa kanila. Ngayon anim na milya na ang nalakad nila, at mukha ngang maiksing oras lang 'yun.

125 At may isa pang bagay na ginawa sila, alam nyo, kapapakinig

pa lang nila ng anim-na-oras na pangangaral tungkol sa propesiya na pinatotohanan. Yun 'yung ipinangusap Niya sa kanila sa daan. Noong simula pa lang na naglalakad sila sa daan, lumantad Siya, dahil naroon lang Siya sa Jerusalem noon. Anim na oras ang lumipas. . . makalipas, ng anim na estadio, nasa daan sila nang anim na oras pa-Emaus. Yun nga ito. At Siya'y nangaral, tungkol sa kinumpirmang propesiya nang anim na oras. Kaya huwag n'yo akong masamain sa tatlo ko, hayan nga, kita n'yo. Kita n'yo? Pero pansinin n'yo, sila'y nangaral. . . Siya. . . Nakapakinig sila ng anim-na-oras na pangangaral tungkol sa propesiya na kinumpirma, pinatotohanan.

126 Ngayon papagabi na noon. Alam n'yo, Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Noong mga oras na 'yun ay Kanyang binuksan ang kanilang mga mata para ipaalam ang Mga Hebreo 13:8, na Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sa oras ng gabi, ang mga pangyayari ay ginawang malinaw sa pamamagitan ng propesiya. Ang bagay na nangyayari sa modernong oras ay madali lang na mapagkikilanlan kung sasampalataya ka lamang sa napapanahong propesiya.

127 "Oo, mga haling, makukupad ang pang-unawa, makukupad na sumampalataya (pinag-iisipan n'yo lang nang pinag-iisipan), para sampalatayanan ang lahat ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Mesiyas, na hindi ba't mangyayari 'yun?" Ngayon tsinekan Niya ang lahat ng mga puntong ito at ipinakita kung ano ang sinabi ng propeta na mangyayari. Pagkatapos unti-unti nilang nauunawaan. Kaya ang sabi Niya. . . umakto Siya na parang aalis na. Nagustuhan nila ang Lalaking ito. Sabi nila, "Ikaw, Ikaw nga'y may ipinatanto sa amin. Hindi namin 'yun naisip. Na Siya'y buhay sa kung saang dako." Nakikipag-usap sila sa Kanya, wala silang kamalay-malay. Kaya Siya. . . at di nga maikakatwa na tumingin Siya sa kanila nang may lungkot, at nagsimula na Siyang lumakad palayo, pero hinihintay Niya—Niya sila na imbitahan Siya. Yan ang bagay na hinihintay Niya sa gabing ito, na inyo Siyang imbitahan.

128 Pansinin n'yo, noong imbitahan Siya ng mga alagad na 'yun sa kanilang pakikisama sa palibot ng hapag, doon nga'y may bagay Siya na ginawa na katulad ng bagay na ginagawa Niya noon bago ang pagpapapako sa krus sa Kanya, at nabuksan ang kanilang mga mata. Alam nila ang Kanyang kilos, ang Kanyang istilo. Alam nila ang bagay na ginawa Niya, at ginawa Niya ito sa mga oras na 'yun gaya ng ginawa Niya ito noon. At nasabi na lang nila, "Siya 'yun!" At bigla-bigla na lang silang napatayo at napahiyaw, at Siya'y naglaho. At kung papaanong anim na oras ang ginugol nila sa pakikinig sa pangangaral na ito, marahil dalawampung minuto lang ang gugugulin nila pabalik sa nagtutumulin nilang magagaan na paa para isaysay sa iba, "Siya'y nabuhay talaga. Siya'y buhay talaga."

129 Mga kaibigan, ito ang katuparan ng Malakias 4, San Lucas 17, San Juan 15, oh, napakarami pa, Apocalipsis 10, napakaraming propesiya na maaaring tukuyin nang eksakto hanggang sa araw na ito. At maging sa Aklat ni Marcos at sa Mateo, kung saan sinabi Niya na ang dakilang mga tanda't mga kababalaghan na ito'y lilitaw sa alapaap, at tatawagin ang mga ito ng mga tao na mga saucer, mga flying saucer, na may—may kakayahan na maglaho nang may puwersa't bilis ng isang pag-iisip, katalinuhan na may kakayahang pumasok. May kakayahan Siyang magsalita, may kakayahan Siyang gawin ang anumang bagay na nais Niya. Ang dakilang Haliging Apoy, "ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." At mga tanawin na parating sa lupa, mga piramide ng usok na pumapailanlang sa ere, doon sa itaas na itaas na hindi abot ng halumigmig o ng kung ano, tatlumpung milya ang taas. Hinula na nang isang taon at kalahati bago ito nangyari, na magiging sa ganoong paraan. Tapos iikot n'yo 'yung litrato at tingnan kung Sino itong nakatingin pababa. Wala ni isang Salita na sinaysay ang nabigo, at heto ang nasusulat na Salita ng Diyos, na kinukumpirma ang Katotohanan. At oras na uli ng gabi. Iniisip ko nga kung Siya ba'y babalik, sa biyaya, ngayong gabi at gagawa sa oras na ito ngayon gaya ng ginawa Niya dun noon. Manalangin tayo at hilingin sa Kanya. Mga pangyayari na ginawang malinaw sa pamamagitan ng pinagtibay na propesiya.

130 Makapangyarihang Diyos, tulungan Mo po kami. Iyo pong tulungan kami, minamahal na Diyos, na maunawaan, na maunawaan ang mga bagay-bagay na dapat naming malaman, maunawaan ang Iyong Salita. At ngayon, Panginoon, kami po'y nakapakinig ng mga pangangaral ngayon nang halos dalawang libong taon, ng mga nasusulat na aklat. At sa huling panahon dito ay bumalik itong muli, at ngayon pagabi na muli. Ang mga Methodist, mga Baptist, mga Presbyterian, at marami sa kanila sa kapanahunan ang nakipag-usap sa Iyo, at marahil sa daan nga ng dakilang araw na ito na hindi gabi o araw, gaya ng sinabi ng propeta, ngunit sa oras ng gabi ay Magliliwanag. Bumangon si Jesus sa libingan at nagpakita kay Simon at sa mga kababaihan, at ipinakita sa kanila na Siya'y buhay. Yun ang nangyari noong umaga na 'yun. At pagkatapos noong gabi'y bumalik Siyang muli. Pero anupa't sumama Siya sa kanila sa paglalakad noong araw pa, na sinasaway sila sa kanilang kabulagan, pero pagkatapos ay Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili sa kanila noong oras ng gabi.

131 Diyos, Ikaw po'y dumako sa aming pagbubuklod-buklod ngayong gabi na mayroon kami sa palibot ng Salita. Diyos, napakadalang na nga ng nananampalataya ngayon sa kalagitnaan ng mga tao, pero ako po'y nagpapasalamat na may iilan na Iyong tinawag at itinalaga sila sa Buhay na Walang Hanggan, at sinabi Mo, "Ang lahat na ibinigay ng

Ama sa Akin ay lalapit." At ngayon habang nagliliwanag ang mga panggabing Liwanag, yamang Iyong pinahintulutan, Panginoon, na wala ni isang propesiya (mula sa daan-daan na sinaysay) ang mabibigo maski isang beses. Kaya naman tunay kung mapagkikilanlan 'yun, 'yun nga'y Ikaw mismo, dahil walang tao ang maaaring maging ganoong katumpak. Gaya ng Biblia, na walang sinuman ang makasusulat, walang sinuman sa loob ng labing-animnaraang taon, ng apatnapung iba't ibang manunulat, ang magagawang maisulat, at wala ni isang mali Rito.

Minamahal na Diyos, dalangin ko na Iyong ihayag ang Iyong Sarili sa gabing ito, ng Mga Hebreo 13:8, na Ikaw ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At ang mga gawa na Iyong ginawa noon, Iyo pong gawin sa araw na ito. At Iyong ipinangako ito, sinabi Mo, "Sa huling mga araw, kapag ang kalagayan ng sanlibutan ay gaya na ng Sodoma at Gomorra, pagkabaluktot." Nakikita namin itong mga kabataang lalaki na parang mga kabataang babae na, nagsusuot ng mga damit na gaya nila, at—at nakikita ang mga kabataang babae na umaakto na gaya ng mga kabataang lalaki, at nakikita ang mga kababaihan at kalalakihan sa binaluktot na kapanahunang ito, nakikita na ang seksuwal na pang-aakit ay naging isang—isang pagsambang diyus-diyosan na. Ang Ebanghelyo'y itinulak palabas sa isang tabi, at may kahubaran sa iglesyang Laodicea. Oh Diyos, grabeng oras na! Pumarito Ka, Panginoong Jesus, Iyong ihayag ang Iyong Sarili sa amin. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus.

132 Ngayon habang ang mga ulo n'yo ay nakayuko, ang inyong mga mata'y nakapikit, may hihilingin ako sa inyo na isang bagay. Nananampalataya ba kayo na nandito ang Diyos? Nananampalataya ba kayo na ang mga bagay na ginagawa Nito ngayon ay propesiyang natupad? Nananampalataya ba kayo na si Jesus Cristo ay siya ring kapahon, ngayon, at magpakailanman? Nananampalataya ba kayo na noong nandito Siya at nahayag sa laman para sa araw na yaon, at ang mga gawa na Kanyang ginawa roon, ay mauulit muli sa araw na ito? Sinabi mismo ng propeta. Sinabi mismo ng Biblia. Ang buong Kasulatan ay kinakailangan na matupad, hindi ito maaaring mabigo. Papaano Niya ipinapakilala ang Kanyang Sarili? Sa pamamagitan ng pagiging Propeta na 'yun na sinalita noon ni Moises. Talos ang mga lihim ng mga puso ng mga tao. Hinipo ng babae ang Kanyang damit, lumingon Siya at nagsabi, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Noong magtungo sa Kanya si Simon Pedro, alam Niya ang pangalan niya, sinabi kung sino siya, sino ang tatay niya. At ang siya ring kaibig-ibig na Jesus ay hindi patay, Siya'y nabubuhay kailan-kailanpaman. Purihin ang Diyos! At naniniwala ako, sa oras ng gabi ngayon, Kanyang tinawag tayo na sama-sama muli.

133 Oh Panginoong Jesus, Ikaw po'y pumarito sa kalagitnaan namin. Huwag Mo po kaming lalampasan. Pumarito Ka, mamalagi buong gabi kasama namin hanggang sa matapos ang gabi, pagkatapos ay pahintulutan kami na sumama sa Iyo kinabukasan; nang sa gayon mapagkilala Ka namin sa kapangyarihan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli, na ang Iyong pag-ibig at biyaya at habag ay sumasaamin. Oh Diyos na Walang Hanggan, Iyo pong ipagkaloob ang mga bagay na ito. Alam namin na tanging ang Diyos ang makapagkakaloob ng mga ito.

134 Sa kataimtiman ng oras na ito, ibunsod po kami na sabihin ito. Diyos, aming Ama, ang aming laman ay mahinang tabernakulo para sa Iyo. Pero, Panginoon, Iyo pong hayaan ang Iyong naglilinis na biyaya, ang Iyong Espiritu Santo, na pumarito ngayon. Iyo pong linisin kami mula sa bawat pag-aalinlangan at bawat pagkalito, bawat paghihinala at bawat linya ng pagdududa na papasaamin, nang sa gayon kami'y wala ni isang pag-aalinlangan; lalabas, magpapahayag nang may katapangan gaya ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

135 Naniniwala po kami na ang Iyong Salita ay Katotohanan, Panginoon. Iyo pong ibunsod na makita namin, bago namin simulan ang pilang ito para sa pananalangin, Panginoon, Iyo pong ihayag ang Iyong Sarili sa amin. Gaya ng Iyong sinabi, "Kagaya sa mga araw noon ni Lot," noong si Abraham, ang tinawag-palabas na grupo ay naghihintay sa ipinangakong anak, nandun naman sa ibaba roon si Lot na pinakikinggan ang isang makabagong Billy Graham at isang Oral Roberts sa isang makadenominasyong pagkakaayos sa ibaba roon, bilang isang bansa. Pero si Abraham ay isang nakikipamayan na walang anumang organisasyon, heto't munting grupo lang na palakbay-lakbay sa buong lupain na siya ang tagapagmana. "At mamanahin ng mga maaamo ang lupa." Isang araw, sa ilalim ng lilim ng puno, habang nakaupo sila roon, nagpapahinga, bumaba ang Diyos sa anyo ng isang Tao. Dalawang anghel ang bumaba patungong Sodoma. At ang Diyos, sa katawang-tao, ay pinatunayan na Siya ito, ang sabi Niya, "Abraham, nasaan ang asawa mong, si Sarah?" Ilang araw lang bago 'yun, Abram pa siya; at si S-a-r-r-a, Sarra; hindi pa Sarah, "prinsesa." At Iyong tinawag siya sa prinsesang pangalan, na anak na babae ng isang hari. Tinawag Mo si Abraham sa pangalan niya, na Abraham, isang ama ng mga bansa. At ang sabi Mo, "Dadalaw Ako sa inyo."

136 Diyos, ang puso ng propeta na 'yun ay marahil talagang lumukso-lukso! Nakilala niya kung Sino Ka roon mismo. Di na nakapagtataka na hinugasan ka Niya ng paa, inilabas ang lahat ng pagkain na mayroon siya, at ang pinaka maiinam mismo, inihanda sa harapan Mo. Napagkilala niyang ang Diyos 'yun na naroon. Pagkatapos sinabi Niya, "Nasaan si Sarah?" umakto na parang di Niya alam. At Ikaw . . .

137 Sinabi ni Abraham sa Kanya, "Siya'y nasa loob ng tolda . . . siya'y nasa loob ng tolda, sa likuran Mo."

138 At sinabi Mo kung anong mangyayari. At si Sarah, sa kanyang puso, kanyang pinagdudahan Ito. At pagkatapos Iyong—Iyong sinabi kay Abraham, "Bakit pinag-alinlanganan ni Sarah 'yun, na sinasabi niya sa kanyang puso, 'Ang mga bagay na ito ay hindi maaari'? Mayroon bang mahirap na bagay para sa Diyos?"

139 Oh Diyos! Si Jesus, ang inihayag na Diyos ng Salita, sinabi Mo, "Kung papaano sa mga araw ng Sodoma," ang sanlibutan ay masasadlak sa ganoong kalagayan bago lamang ang pagkawasak ng daigdig ng Gentil, ng dispensasyon ng Gentil. Heto nga kami, mga Sodomita sa kaibutu-ibuturan! At pagkatapos Iyong sinabi na ang Anak ng tao, na sa tuwina'y tinatawag bilang isang "propeta," ay mahahayag sa oras na 'yun. Iyong tuparin ang Iyong Mga Salita, Oh Diyos. Kami, na Iyong nananampalatayang mga anak, ay naghihintay nang may matapat na puso, na mapagkalooban kami ng pananampalataya, Panginoon, na, kapag isagawa na namin ang pila para sa pananalangin, ang mga tao'y sasampalataya. Oras na po ng gabi, Ama. Iyo pong ibunsod ang panggabing Mga Liwanag ng Anak ng Diyos (Siya Noon, at Siya Ngayon, at Ang Parating) na ihayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng propesiya na Kanyang ginawa. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

140 Nakahanda na ako ngayon para—para manalangin sa mga maysakit. Pero kakatwang bagay nga, kung papaano nga na nakatayo tayo rito. Heto akong nakatayo rito ngayon na hinahamon ang publiko, at ang mga nasa koneksyon sa buong bansa, na ang Diyos ay Diyos pa rin. Hindi Siya maaaring mabigo. At ang bagay na Kanyang ipinapangako, ay Kanyang gagawin mismo. Hindi Siya kailanman mabibigo na gawin ito, dahil Kanyang ipinangako na gagawin ito. Kaya naman makapaglalagay ako ng taimtim na kumpiyansa sa bagay na Kanyang sinabi. Kaya naman naghihintay ako para sa Kanyang Pagdating, naghihintay ako na Siya'y magpakita anumang oras, dahil sinabi Niya, "Sa oras na hindi ninyo iniisip," hindi iniisip ng sanlibutan, "pagkatapos Siya'y magpapakita."

141 Ngayon, sa abot ng nalalaman ko . . . Ako po'y nasa tabernakulo ko rito, at may ilang nakaupo rito na kilala ko—kilala ko. Si Kapatid na Wright, ilan sa mga nakaupo rito, diyan sa banda rito, na kilala ko. Pero marami sa inyo ang hindi ko kilala. At wala nga akong paraan para sabihin na gagawin ito ng Diyos sa gabing ito. Nakita na natin Siya na ginagawa ito sa nakalipas na mga taon at mga taon, pero baka hindi Niya gawin sa gabing ito. Hindi ko alam. Ito'y nakasalalay sa Kanya. Siya ang may dakilang pasya. Ginagawa Niya ang bagay na nais Niyang gawin. Walang makapagsasabi sa Kanya kung anong gagawin. Siya'y namamalagi na mag-isa, sa Kanyang

kalooban at sa Kanyang mga pamamaraan. Pero dahil Kanyang ipinangako ito, akin ngang hinihiling Siya na gawin ito. Hindi para sa kapakanan natin, na kailangan natin ito, pero para sa kapakanan ng ilang mga baguhan, nang sa gayon pahiran ang Espiritu Santo . . . o pahiran tayo. Ngayon, kahit gaano pa Niya akong pahiran, kinakailangan Niya kayong pahiran, din, siyanga, para makasampalataya.

142 Ngayon nais ko ng pila para sa pananalangin, at nais kong manalangin para sa mga maysakit sa abot ng makakaya ko. Ngayon, alinman sa magpapila tayo, para anyayahan ang mga tao at dalhin sila rito, sa isang pila para sa pananalangin at ipanalangin ang lahat dito na may sakit, sa palagay ko, papuntahin dito ang mga kapatid kong ministro para samahan tayo, at magpatong ng mga kamay sa inyo. Maaari nating gawin 'yan. O maaari nating hingin sa ating Ama, na Siyang tanging Isa na makagagawa ng anumang bagay para sa inyo, dahil ang mga kamay ko'y tao lang kagaya n'yo na mga tao rin lang. Pero ang dapat ngang pagtuunan dito, hindi ang kamay ng tao ang gumagawa nito; ang Salita nga ng Diyos. Ang pananampalataya sa Salita ang nagbubunsod nito. Walang siyentipikong bagay ukol dito, ito'y ganap na di-siyentipiko mismo.

143 Walang anumang bahagi ang Cristiano sa kanyang baluti na siyentipiko. Alam n'yo ba 'yun? Pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuhan, kagandahang-loob, pagtitiis, pananampalataya, Espiritu Santo, ang lahat nga'y di-nakikita ng siyensiya. At 'yun lang ang tanging bagay na totoo at pangmatagalan. Lahat ng bagay na makikita n'yo ay galing sa lupa at babalik sa lupa. Pero ang mga bagay na hindi n'yo makikita ng inyong mata, pero makikita Ito na tinatanghal ang Sarili Nito, 'yun ang daigdig ng Walang Hanggan.

144 Maniniwala ba kayo, na kung ihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili at ipapakita na narito Siya't buhay, na ginagawa ang parehong mga bagay na ginawa Niya sa pasimula, pagkatapos ng Mensaheng ito, haya't tatangapin n'yo ba ito bilang inyong kagalingan? Nawa'y ipagkaloob ito ng Diyos. Ngayon hihilingin ko ang sinuman sa bahay, sino pa man kayo o kung saan man kayo naroon, hinihiling ko sa inyo na taimtim na sampalatayanan ang Mensaheng ito na Katotohanan. Yun ang Mensahe ng Diyos sa Kanyang Biblia para sa oras na ito, na si Jesus Cristo ay narito sa gabing ito at buhay. Ngayon halos . . .

145 Lahat kayo'y kilala n'yo ako, nandito ako sa bayan kung saan ako lumaki. Wala man lang akong pang-elementaryang edukasyon. Totoo po 'yan. At kilala n'yo ako nang matagal-tagal na, umaasa ako na nakakapamuhay ako sa harap n'yo para ipakita sa inyo na ako'y tapat at sinsero. Hindi ako ipokrito. Maging ang mga kritiko ko'y hindi sinasabi 'yan. Sila, sinasabi lang nila, "Hindi ka—hindi ka ipokrito, pero sadyang mali

ka lang. Wala ka lang kamalay-malay na mali ka, hindi mo sinasadya." Hindi ko iniisip na wala akong kamalay-malay na mali ako, dahil ang Salita ng Diyos ang nagpapatotoo mismo ng Mensahe ko, at sasabihin dapat Nito sa inyo kung Sino Ito. At maliwanag n'yong narinig na sinabi ko na hindi ako Ito, kaya naman marapat lang na Siya Ito. Tama ba? Manampalataya kayo sa Diyos kung ganoon. Tumingin kayo sa gawing ito, at sampalatayanan n'yo ang Diyos. Kung makasasampalataya kayo sa Diyos, ipagkakaloob sa inyo ng Diyos. Kung magagawa Niya 'yan gaya ng ginawa Niya noon, kung ganoon Siya'y nananatiling Diyos pa rin. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan?

146 Sinasampalatayanan mo ba ito? Heto ang isang binibini na nakaupo rito sa harapan ko, nakatingin sa akin, na may mga luha sa kanyang mga mata, taos-puso. Hindi ko kilala kung sino siya, hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Isa akong estranghero sa'yo. Alam mo ba na talos ng Diyos ang lihim ng iyong puso, ang iyong mga minimithi, o ang iyong kasalanan, o kung anuman ito? Alam mo ba na alam Niya? Iniisip mo ba na magagawa Niyang ihayag sa akin kung ano ang kasalanan mo, kung ano ang ginawa mo, kung ano ang hindi mo dapat ginawa, o ang iyong mithi, anuman ito? Kung gagawin Niya ito, maibubunsod ka ba nito na sampalatayanan Siya, yamang nalalaman na Siya mismo ito? Tatanggapin mo ba ito bilang Siya? Hindi ang kasalanan mo ang lumiligalig sa'yo; naipagtapat mo na 'yan. Haya't nag-aasam ka ng bautismo ng Kanyang Espiritu Santo. Matatanggap mo nga Ito. Nakita ko Ito na kumilos papunta sa babae.

147 Nang sa gayon malaman n'yo na nakatingin ako sa babae, nakatingin siya sa akin, nais kong ipakita sa inyo ang Espiritu Santo. Tumingin kayo rito, dito sa munting babae na nakaupo rito, dito sa ibaba lang ng paanan ko rito. Noong sabihin ko 'yun, 'yun 'yung siya ring bagay na nais niya, ang bautismo ng Espiritu Santo. Sumasampalataya ka ba na tatanggapin mo Ito, kapatid na babae? Itaas mo ang kamay mo, kung ganoon. Hindi ko pa nakikita ang babaing ito nang buong buhay ko, sa pagkakaalam ko.

148 Nakikita n'yo ang lalaking ito na nakaupo rito na nakayuko ang kanyang ulo, nakaupo riyan, na nakalabas ang kuwelyo niya, at kung ano pa. Pinahihirapan ka ng sakit sa pantog. Nananampalataya ka ba na paiigihin ka ng Diyos? Itaas mo ang iyong kamay kung tatanggapin mo Ito. Sige, ipagkakaloob ng Diyos ang kahilingan mo.

149 Itong kabataang lalaki na nakaupo rito, na nagnanais ng bautismo ng Espiritu Santo. Naniniwala ka ba na ipagkakaloob Ito sa iyo ng Diyos; ginoo, na may puting manipis na kurbata na nakalaylay paloob? Ipagkakaloob ito ng Diyos.

150 Itong lalaki rito'y nananalangin para sa kanyang asawang babae. Ang asawang babae'y nasa isang institusyon.

Nananampalataya ka ba na pagagalingin siya ng Diyos, paiigihin ang lagay niya? Sinasampalatayanan mo ba ito? Matatanggap mo ito.

151 Habang ang kamay mo'y ipinatong mo sa lalamunan mo, nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na pagalingin ang kondisyon na 'yan sa puso na umaabala sa'yo, 'yang sakit sa tiyan na mayroon ka? Nakaupo ka riyan, na pinahihirapan nito ngayon. Tama ba? Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka Niya? Kung ganoon ay matatanggap mo ito. Amen.

152 Kita n'yo Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tanungin n'yo ang mga taong ito, tingnan n'yo kung kilala ko sila. Hindi po, pero Kanyang nakikilala nga. Amen. Nakikita n'yo 'yang Liwanag na nasa panig na 'yan ng dingding, na nakapailanlang sa ibabaw ng isang tao na nakaupo riyan. Ang lalaki'y dumadanas ng kondisyon sa gulugod sa kanyang likod. Hindi siya taga-rito, siya'y taga-Georgia. G. Duncan, manampalataya ka nang buong puso mo, pagagalingin ng Diyos ang sakit na 'yan sa likod. Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Pagpalain ka ng Diyos.

153 Heto ang isang lalaki na nakaupo sa likod na likod dito, na may sakit sa likod, nakatingin sa akin. Hindi ko siya kilala, pero ito si G. Thompson. Nananampalataya ka ba? Tumayo ka, ginoo, diyan sa likod, para . . . Isa akong estranghero sa iyo. Tama. Pero nakaupo ka riyan, na nananalangin. Ang sakit mo sa likod ay pinagaling na ngayon. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

154 "Magliliwanag sa oras ng gabi." Hindi ba't nakikita n'yo, Siya'y narito sa gabing ito! Heto ang dakilang AKO NGA. Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinasampalatayanan mo ba ito? Nasasapatan ba kayo't kumbinsido na ito si Jesus Cristo na ipinapakilala ang Kanyang Sarili, pinagkikilanlan ang Kanyang Sarili sa propesiya?

155 Huwag mong alalahanin ang mata. Pinagagaling ng Diyos ang maysakit at nagdadalamhati.

156 Gaanong karami ang . . . Ilan dito, ang may sakit? Sige't patingin ng inyong mga kamay. Mistula ngang parang isang hila't hatak. Mayroon ba sa inyo na may prayer card? Hindi ko alam kung papaano ko kayo padadaanin dito. Nais kong ipanalangin kayo, at di ko lang alam kung paano ito gagawin. Kita n'yo nga, tingnan n'yo ang dingding, papaano ko mapapapunta sila riyan? Paano kung masiksik ang isang pasilyo? Yung isa nga riyan ay mababarahan diyan, tapos hindi na makakagalaw ang lahat.

157 Makinig, pakinggan n'yo ako. May nasabi na ba ako sa inyo na anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon na anupa't natupad mismo? Tama ba? Ang lahat nga'y tama noon pa. Hindi ako kailanman humingi sa inyo maski isang sentimong halaga sa buong buhay ko, hindi ba? Wala maski isang beses. Hindi

ako kailanman kumuha ng kaloob sa buong buhay ko. Hindi ako naparito para sa pera. Hindi ako naparito para dayain kayo. Nandito ako para ihayag ang napapanahong Salita ng Diyos. Ang sinasabi ko sa inyo'y Katotohanan, at pinatotohanan ng Diyos na 'yan ay Katotohanan. Ngayon sasabihin ko sa inyo, GANITO ANG SABI NG MGA KASULATAN, na kung may mananampalataya na magpapatong ng kanyang mga kamay sa maysakit, ang sabi ni Jesus, "Sila'y magsisigaling!" Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? Kung ganoon, sa Presensya ng Diyos, hindi ba't nananampalataya kayo na gagawin Niya ito ngayon?

158 Ngayon magpatong kayo ng inyong mga kamay sa isa't isa, at ipatong n'yo lang diyan pansumandali. Ngayon, huwag—huwag manalangin, ipatong n'yo lang ang inyong mga kamay sa isa't isa; sige't sa mga nariyan sa labas. At ako, mismo, papatungan ko ng mga kamay ko ang mga panyo na ito. Ngayon nais kong tumuon kayo sa akin pansumandali. Ano pa ba ang naiwan ng Diyos na hindi pa nagagawa? Tingnan n'yo kung papaanong Siya, kung ano ang nabasa natin sa Salita, ang mga propesiya na binanggit natin, na ipinagkikilanlan ni Jesus ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng mga propesiya. Ngayon tingnan n'yo ang oras, at itong huling tatlong linggo kung saan ipinosisyon natin ang oras na kinabubuhayan natin. Tingnan n'yo 'yung nabasa natin, tungkol sa kung papaanong ang mga bulaang propeta at mga tanda ay halos dadayain ang hirang. Kung papaanong ang Salita ay nahayag, kung papaanong ang diyos ng kapanahunang ito ay binulag sa kasinungalingan . . . ang mga puso ng mga tao. At kung papaanong ang Diyos Mismo ay nagsabi sa pamamagitan ng Kanyang mga propesiya na ang mga bagay na ito'y mangyayari sa Kapanhunan ng Laodicea. Wala nang bagay pa ang itinira na hindi pa nagagawa. Narito ang Diyos na siya ring Diyos na nangusap sa mga tao dun sa Emaus, na pinagkilanlan ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng mga propesiya na paunang sinaysay ukol sa Kanya, narito Siya sa gabing ito na ipinagkikilanlan ang Kanyang Presensya sa pamamagitan ng mga propesiya na pauna nang sinaysay para sa kapanahunang ito. Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Masasampalatayanan n'yo ba ito? Kung ganoon ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa. Huwag n'yong ipanalangin ang sarili n'yo, pero sa inyong sariling paraan ay manalangin para sa tao na pinapatungan n'yo ng inyong mga kamay, dahil nananalangin sila para sa inyo. Ngayon tumuon, huwag mag-alinlangan.

159 At ngayon kung makikita n'yo lang sana ang bagay na tinitingnan ko! At alam n'yo na hindi ako magsisinungaling sa inyo, sa pagkakatayo ko rito. Kung makikita n'yo, at mahahatak ng inyong pananampalataya ang dakilang Espiritu Santo na 'yun na nakapailanlang diyan sa ere—ere, na nakuhanan ng

litrato ng siyensiya, at nakita Ito na kumikilos sa gusaling ito na naghahanap mismo ng dako na—na bababaan, nagsisikap na makasumpong ng isang dako na aangklahan. Manampalataya lamang Dito, kapatid ko. Kanyang ipinakilala na ito sa pamamagitan ng Kasulatan at iba pa, na ito'y tama. Ngayon manalangin nang taos-puso para sa tao na pinapatungan n'yo ng inyong mga kamay; sila'y nananalangin din para sa inyo.

160 Minamahal na Jesus na taga-Nazaret, haya't, may kamalayan kami, Panginoon, sa pamamagitan ng Salita, na Ikaw ay narito, sa pamamagitan ng pangako na Ikaw ay paparito, "Kung saan ang dalawa o tatlo ay nagkakatipon sa Aking Pangalan, naroon Ako sa kalagitnaan nila. At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na nananampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling." Diyan sa labas sa abot ng sagap ng teleponong ito, nawa'y ang dakilang Espiritu Santo'y dumako sa bawat kongregasyon. Nawa'y ang siya ring Banal na Liwanag na tinitingnan namin dito sa loob ng simbahan, nawa'y bumaba Ito sa bawat isa mismo't sa lahat, at nawa'y gumaling sila sa oras na ito. Aming sinasaway ang kaaway, ang diyablo, sa Presensya ni Cristo; sinasabi namin sa kaaway, na siya'y talunan na sa pamamagitan ng—ng paghihirap na alang-alang sa iba, ang kamatayan ng Panginoong Jesus at ang katagumpayan ng pagkabuhay na mag-uli sa ikatlong araw; at ng Kanyang pinatunayang katibayan na Siya'y narito mismo sa kalagitnaan namin ngayong gabi, na buhay, makalipas ang labing-siyamnaraang taon. Punuin nawa ng Espiritu ng buhay na Diyos ang bawat puso ng pananampalataya at kapangyarihan, at ng bisa ng pagpapagaling mula sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, Na napagkikilanlan ngayon sa pamamagitan ng malaking Liwanag na nakapalibot sa iglesya, sa Kanyang Presensya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, maipagkaloob nawa ito para sa kaluwalhatian ng Diyos.

161 Nawa ang mga panyo na ito na aming ipinanalangin, nawa'y maabot ng mga ito sa mga maysakit at nagdadalamhati na ang mga ito'y nilayon na makarating. Nawa ang siya ring Espiritu Santo na narito ngayon na pinagkikilanlan ang Kanyang Sarili, at ipakilala ang Kanyang Sarili sa bawat pasyente na pagpapatungan ng mga ito. Nawa'y punuin ng Presensya ng Diyos ang kanilang puso ng pananampalataya hanggang sa ang sakit ng kanilang katawan ay gumaling. Ito po'y dinadalangin namin, para sa kaluwalhatian ng Diyos, sa Presensya ni Jesus Cristo at sa Pangalan ni Jesus Cristo, yamang kami na mga lingkod ni Jesus Cristo ay hinihiling ito. Amen.

162 Ngayon mula sa inyong puso, hindi ko alintana anuman ang suliranin sa inyo, haya't magagawa n'yo ba, mula sa puso n'yo, na manampalataya nang buong puso n'yo na ipinagkakaloob ng Salita ng Diyos ang inyong kahilingan? Naniniwala ako

na bawat kamay, gaya ng nakikita ko, ay nagsipagtaas. Kung sasampalatayanan n'yo ito, ngayon alalahanin n'yo, tapos na ito.

163 Kayo na nariyan sa mga kable ng telepono, kung kayo'y nananampalataya nang buong puso n'yo, habang pinapatungan kayo ng mga kamay ng mga ministro, at pinapatungan kayo ng mga kamay ng mga mahal n'yo sa buhay, kung nananamplataya kayo nang buong puso n'yo na tapos na, tapos na ito. Ang dakilang Espiritu Santo, Siya'y narito sa tabernakulo ngayong gabi. Nakikita ko Siya na kumikilos sa ibabaw ng mga tao, ipinakita ang Kanyang Sarili rito sa gilid na ito ng dingding, at dumako sa isang lalaki, bumaba rito at doon sa itaas ng gusali, na tinatalos ang mga lihim ng mga puso, ang pagkakakilanlan ng Kanyang Presensya, para ipakita na Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya'y nasa kalagitnaan natin! Siya'y Diyos, ang Diyos na di nabibigo kailanman.

164 At hindi baga't ang puso natin ay nag-alab sa loob natin, at hindi ba't nag-aalab ito ngayon, na malaman na tayo ngayon ay nasa Presensya ng nabuhay na mag-uling Jesus Cristo, na sa Kanya'y idudulog ang kaluwalhatian at papuri kailanman; na Siyang nahayag na larawan ng Makapangyarihan sa lahat na Jehovah; Na sumalimbay sa isang anyo ng Haliging Apoy pababa sa isang nagbabagang kahoy, para kunin ang atensyon ng isang propeta; Na bumaba sa ibabaw ng bundok, at sinumang humipo man lang ay mamamatay, maliban kay Moises at Josue. Kung papaano nga na Kanyang pinangunahan ang mga anak ni Israel sa ilang, sa kanilang paglalakbay, ay tipo ng mga tao sa panahon ngayon na tinawag-palabas. Heto Siya, sa pamamagitan ng siyentipikong pagsasaliksik, na maging sa siyensya'y napagkikilala ang Kanyang Sarili. At sa mismong mga aksyon Niya at sa Kanya mismong pagpropropesiya, ang mga bagay na iprinopesiya ukol sa Kanya na gawin sa araw na ito, para ibunsod Siya na siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, ay ganap na ganap na pinagtibay. Hindi ba't sapat 'yan para pag-alabin ang ating mga puso sa kaibuturan natin? Pagpalain kayo ng Diyos.

165 Ngayon nang sabay-sabay, sige't tumayo tayo at sabihin: "Akin na ngayong tinatanggap si Jesus Cristo bilang Tagapagligtas at Tagapagpagaling. At sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, mula sa oras na ito, Oh Diyos, nawa'y walang di-pananampalataya na makapasok sa puso ko, dahil nakita ko na ang propesiya ng panahon na ito na natupad na. Naniniwala ako na si Jesus Cristo ay buhay at narito ngayon na pinagtitibay ang Kanyang Salita ng oras na ito. Ang mga propesiya na nasulat ukol sa Kanya ay natupad na ngayon sa kalagitnaan namin. Siya'y aking Tagapagligtas, aking Diyos, aking Hari, aking Lahat-lahat."

166 Minamahal na Diyos, Iyo pong dinggin ang aming patotoo. At ipagkaloob sa amin, araw-araw, ang Tinapay ng Buhay.

At inihahandog namin sa Iyo ang papuri, Oh Diyos, mula sa kaibuturan ng aming puso. Amin Kang pinupuri, ang Makapangyarihang Isa, ang Diyos ng mga propeta. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Oh, grabeng sandali, grabeng oras!

. . . only believe;
Only believe, just only believe,
All things are possible, only believe.

Marahil awitin natin ito nang paganito.

Now I believe, oh, now I believe,
All things are possible, now I believe;
Now I believe, oh, now I believe,
All things are possible, now I believe.

Yan ba ang patotoo n'yo? Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo:

Till we meet! till we meet!
Till we meet at Jesus' feet;
Till we meet! till we meet!
God be with you till we meet again!

[Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *God Be With You*—Pat.] (May gusto ka bang sabihin? Vayle.)

. . . at Jesus feet;
Till we meet! till we meet!
God be with you till we meet again!

167 Habang nakayuko ang ating mga ulo, nakatayo rito si Kapatid na Vayle para pauwiin tayo sa panalangin. Si Kapatid na Lee Vayle, siya'y isang manunulat para sa tabernakulo rito, ng literatura't mga aklat, at iba pa. Napaka kalugud-lugod na kapatid, kasa-kasama ko siya sa maraming malalaking gawain. Sana may pagkakataon ako na bawat ministro'y, papuntahin dito sa itaas at makipag-usap sa kanila. Nauunawan n'yo naman, sigurado ako. Bawat ministro po, kami'y nagagalak na makasama namin kayo rito. Lahat ng miyembro, ang mga tao ng iba't ibang iglesya, at kung ano pa, kami'y nagagalak na makasama namin kayo rito. At 'yan mismo ang panalangin natin sa isa't isa, "Ang Diyos ay sumainyo hanggang sa magkita-kita uli tayo." Habang nakayuko ang ating mga ulo, at ang ating mga kamay ay nakataas, sige't awitin natin ito muli nang talagang matimyas sa Diyos.

Till we meet! till we meet!
Till we meet at Jesus' feet!
Till we meet! till we meet!
God be with you till we meet again!

65-0801E Mga Pangyayari Na Ginawang Malinaw Sa Pamamagitan Ng Propesiya

Branham Tabernacle

Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org